

ESPIRITUWAL NA PAGKAIN

SA TAKDANG PANAHOON



Only believe, only believe,
All things are possible, only . . .

Kung gaano, ngayon ganito naman:

Now I believe, now I believe,
All things are possible, now I believe;
Now I believe, now I believe,
All things are possible, now I believe.

Manatili tayong nakatayo ngayon, na nakayuko ang ating mga ulo.

Panginoon, hindi lamang nawa ito maging isang awit, kundi maging ang pinaka kaibuturan nawa ng aming puso ang nangagsisiawit, “Ngayo’y sumasampalataya ako!” Sinabi ng mga alagad minsan, matapos gumawa si Jesus ng napakaraming mga gawang makapangyarihan, kanilang sinabi, “Panginoon, ngayo’y nagsisisampalataya na kami.”

Sinabi ni Jesus, “Ngayon baga’y nagsisisampalataya na kayo?”

² Kanilang sinabi, “Sumasampalataya kami na nalalaman Mo ang lahat ng mga bagay at hindi nangangailangan na turuan Ka ng sino man.” Kaya, Ama, aming napagtatanto ngayong gabi na hindi Mo po kailangan ang aming aral, kundi ang kailangan po namin ay ang sa Iyo. Kaya aming dalangin na tuturuan Mo po kami kung paano ang manalangin, kung paano ang mamuhay, at kung paano ang manampalataya. Ipagkaloob Mo po iyon, Panginoon, sa pamamagitan nitong gawain ngayong gabi. Kung may anumang kulang sa amin, ibigay po ito sa amin, Panginoon. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

³ Alam kong marami sa inyo ang nakatayong muli ngayong gabi. At, sa labas, may nasalubong akong mga grupo na nagsabing hindi na sila makapasok, at nakikinig sila sa kanilang radyo sa iba’t ibang sasakyan. At sisikapin natin ngayon na magawang bilisan sa abot ng makakaya natin ngayong gabi, sa Linggo ng gabi, magbibigay tayo para maipanalangin ang mga maysakit, magkakaroon ng linya ng pagpapanalangin habang makapagpapaakyat tayo ng isa dito sa itaas. Ngunit inihahandog natin itong gawain ngayong gabi para sa panalangin para sa mga maysakit.

⁴ At nais kong maitatag kayo ngayon sa . . . dito sa mga Banal na Aral ng Diyos, sa Pananampalataya, ang Pananampalataya

sa panahong ito. Ang Pananampalataya! Kakailanganin ang higit na pananampalataya kaysa doon sa kailanma'y tinaglay ng alinmang kapanahunan noon, sapagkat kailangang ito'y maging pananampalatayang makaaagaw, kukuhanin paitaas. At kaya hangad namin na sumampalataya kayo ngayong gabi sa lahat ng inyong nakita, narinig, ang Salita na inyong narinig na ipinangaral, ang—ang mga tanda at kababalaghan na inyong nakitang nagawa. Nais naming tipunin ninyong lahat 'yon nang sama-sama sa inyong puso, at pagnilay-nilayan iyon, kung sa Diyos nga ba iyon o hindi.

⁵ Na gaya noon ni Eliseo nang unang panahon, sabi, “Kung ang Diyos ay Diyos, kung gayo'y paglingkurang ninyo Siya.” At kung si Jesus nga ang sentro ng lahat ng bagay sa Cristiano, kung gayon sa palagay ko'y dapat na nating pakawalan ang lahat ng iba pang bagay at manghawakan sa Kanya. Alalahanin, Siya ang Sentro, Siya ang Bituin sa Hilaga, Siya ang Pinaka-Ultimo, Siya ang Pinaka-Saligan. At kung Siya ang Bituin sa Hilaga. . . . Mayroon lamang isang bagay na magtuturo sa bituin sa hilaga, 'yan ang inyong kompas na gamit ninyo sa paglalayag. At ang Kompas na hinihikayat ko sa inyong maging kasama ninyo sa paglalayag ay ang Salita, at ang Salita ay laging nakaturo sa Kanya.

⁶ At nadarama natin na tila ba dumaraan tayo sa isang napakatinding panahon ng kagipitan at mga pagsubok, pagkalito sa panahon at pagkabahala sa pagitan ng mga bansa, at lahat na ng uri ng mga bagay na nangyayari, at minsa'y sinasakmal ako na tila ba. . . . Saan man ako tumingin, tila ba itong nasa isang. . . sa isang barko na nasa dagat. At sa akin ibinilin ang Sasakyang-dagat. At paano ba natin ito malalampasan? At hetong paparating ang isang bumubulag mataas na alon, na daang beses ang laki kaysa sa aking barko. Ngunit dadaanan natin ang ibabaw ng mga iyon, ang bawat isa. “Tayo'y higit pa sa mga mananagumpay sa pamamagitan Niya.” Ang Kapitan, ang Punong Kapitan, ang may hawak ng tali sa dulo ng barko, matagumpay Niyang hahatakin ito. Dadaanan natin ang ibabaw ng bawat isa sa mga iyon.

⁷ Ngayon, sa gabing ito, para makapagmadali tayo at mapalabas kayo nang maaga. Pinahalalagan namin ang inyong mahabang pagbibiyahé, at iba pa, at kung paano ninyo kinailalang magbiyahe, at ang pagtitiis na kailangan ninyong gawin. At, kita n'yo, inilalagay ako nito kung saan sadyang gusto kong tumayo at sadyang manatili sa pagsasalita at ginagawa ang lahat kong makakaya upang matulungan kayo. Ngunit kapag ako'y narito na sinisikap kong isiksik ang lahat ng bagay na maaari kong isama, upang maibigay ang tulong doon sa sandali na kinaroroonan na natin ngayon. Pagkatapos ay kinukuha mo. . . . Kapag binibigyan mo ang mga tao ng labis-labis sa isang pagkakataon hindi nila iyon natatandaan. Iyong—sadyang

kailangan mo lang kunin ang isang bagay at itutok ito mismo doon sa tao hanggang sa makita nila iyon. At tapos kapag natanggap na nila iyon nang buong-buo sa kanilang puso, kung gayon sila'y . . . saka ninyo sila turuan ng iba pang bagay. Baha-bahagdan lamang habang tayo'y nagpapatuloy.

⁸ Ngayon, manalangin kayo at magpakatapang, at sumampalataya ngayon sa gabing ito para sa kagalangan. Palagay ko'y wala nang ano mang duda sa inyong isipan hinggil sa panahong kinabubuhayan natin. Hindi ako naniniwala na may pag-aalinlangan pa sa inyong isipan hinggil sa kung ang Diyos ba ay nasa kalagitnaan ng Kanyang mga tao o wala. Naniniwala akong naniniwala kayong lahat diyan. At ako . . . Walang pagdududa sa isip ko tungkol dito. At ako—ako—alam kong ang mga kamag-anak ko, ang mga kaibigan ko, ang mga kaibigan ni Cristo, ang mga anak ni—ni Cristo, ay naniniwala riyan.

⁹ At nagbibigay ito sa akin ng lubos na kagalakan na makita na alam mong mayroon kang isang Mensahe mula sa Diyos, at ibinibigay mo ito sa mga tao at nakikita na tumutugon ang mga tao Doon. Saka ka magbabalik-tanaw at sasabihin, “Salamat sa Iyo, Ama.” Oh, anong kagalakan ito sa sandaling iyon na makita ang mga anak na nagsisikain ng Tinapay na ipinadala sa kanila! Napagtatanto ba ninyo na isa iyong pangitain ilang taon na ang nakalilipas, dito mismo sa tabernakulo? Tama iyan, “Ang Tinapay ng Buhay.” Kapatid na Neville, naaalala mo pa iyon, marahil. Makapangyarihang oras!

¹⁰ Ngayon magbukas tayo, kung nais ninyong sundan ang pagbabasa o lagyan ito ng tanda, para lang . . . Hindi ako naniniwala na akma ang magkaroon ng isang gawain nang hindi nagbabasa ng Salita ng Diyos at nagbibigay ng ilang komento, kung magiging isang gawain man ito sa pagpapagaling o anumang uri. Nakakaunawa tayong lahat. Wala namang mga estranghero sa atin, sa palagay ko. Kundi nauunawaan nating lahat kung ano ang pagpapagaling. Hindi ito isang bagay na ginagawa ng sinuman para sa iyo; ito ay kung ano ang ginawa na ng Diyos para sa iyo. Ang kaligtasan ay nasa gayun ding hanay. Ang tanging bagay, ay, ang magawa ang mga tao na manampalataya na iyon ang Katotohanan. At itinuturo ito ng Diyos sa Kanyang Salita at saka ito pinatutunayan sa kanila na magsisisampalataya Rito, sapagkat Kanyang sinabi, “Lahat ng mga bagay ay may pangyayari sa kanila na nananampalataya.”

¹¹ Sasabihin ninyo, “Walang anumang bagay na imposible sa Diyos.” Naniniwala ba kayo riyan? Walang anumang bagay na imposible sa inyo, gayundin. “Sapagkat ang lahat ng mga bagay ay may pangyayari sa kanila,” (ang Diyos ay isang Persona) “sa kanila na nananampalataya.” Kita n'yo? Kaya walang imposible sa inyo, para sa inyo, kung magagawa lamang ninyong manampalataya.

¹² Ngayon sa Unang Mga Hari, sa ika-17 kabanata, nais kong basahin ang unang pitong talata, kung loloobin ng Panginoon.

At si Elias na Tisbita, na sa mga nakikipamayayan sa Galaad, ay nagsabi kay Ahab, Buhay ang PANGINOONG Dios ng Israel, na ako'y nakatayo sa harap niya, hindi magkakaroon ng hamog o ulan man sa mga taong ito, kundi ayon sa aking salita.

At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa kaniya, na nagsasabi,

Umalis ka rito, at lumiko sa dakong silanganan, lumiko ka sa dakong silanganan, at magkubli ka sa tabi ng batis Cherith, na nasa tapat ng Jordan.

At mangyayari, na ikaw ay iinom sa batis; at aking iniutos sa mga uwak na pakanin ka roon.

Pansinin, “pakanin ka roon,” hindi sa kung saan pa mang dako. “Roon!”

Sa gayo'y naparoon siya at ginawa ang ayon sa PANGINOON, o sa salita ng PANGINOON: sapagka't siya'y pumaroon at tumahan sa tabi ng batis Cherith, na nasa tapat ng Jordan.

At dinadalhan siya ng tinapay at laman ng mga uwak sa umaga, at tinapay at laman sa hapon; at siya'y uminom sa batis.

At nangyari pagkaraan ng sanggayon, na ang batis ay natuyo, sapagka't walang ulan sa lupain.

¹³ Ang Panginoon nawa ang magdagdag ng Kanyang mga pagpapala sa pagbasa ng Kanyang Salita. At ngayon, sa gabing ito, nais kong kumuha ng isang teksto mula roon, na tinatawag na, “espirituwal na Pagkain sa panahon Nito.” Nagkaroon tayo kaninang umaga ng isang—isang aralin tungkol sa—tungkol sa “Ginagawan ang Diyos ng isang paglilingkod, o sinisikap Siyang gawan ng isang paglilingkod nang wala sa . . . wala sa oras, sa panahon, sa lugar, o ang tao.” At ngayon ito ay: *Espirituwal Na Pagkain Sa Takdang Panahon.*

¹⁴ Ang propetang ito, na si Elias, sadyang kakaunti lamang ang nalalaman natin tungkol sa kanya. Ngunit alam natin na lingkod siya ng Diyos, at ang siyang lingkod ng Diyos para sa panahong iyon.

¹⁵ At ginamit ng Diyos ang Kanyang Espiritu na na kay Elias, nang tatlong beses na, at ipinangako pa ang dalawa; limang beses, para sa biyaya. Ginamit Niya ito kay Elias; dumating Ito kay Eliseo na dobleng bahagi; na kay Juan Bautista noon; at inasahang paparito para ipasok lamang ang Gentil na Nobya; at darating kasama ni Moises upang iuwi naman ang mga Judio. Tama 'yon. Limang beses na ipinangako ng Diyos na gagamitin ang Espiritu ni Elias, at ginawa na ito nang tatlong beses.

16 Ngayon, itong dakilang propeta, hindi natin alam kung saan siya nagmula. Alam natin na isa siyang Tisbita. Ngunit kung paano siya dumating . . .

17 Kaunti lamang ang nalalaman natin tungkol sa mga propeta. Hindi natin alam kung saan sila galing. Napakadalang . . . Gaya ng, wala akong alam na sinuman na nagmula sa iglesya o may anumang talaangkanan ng pinagmulan nila. Ito'y mga pangkaraniwang tao lamang na walang takot, at, kadalasan, walang pinag-aralan. At hindi sila sumulat ng ano man, sila mismo. Sina Isaias at Jeremias, ang ilan sa kanila, ay nagsulat ng ilan, ngunit itong dakilang taong si Elias ay walang isinulat ni isa mang bagay. Marami sa kanila ang hindi sumulat; marahil ay hindi sila marunong sumulat. Ngunit sila ay mga lalaking magagaspang. Walang lalaki sa Biblia na gaya niyaong mga sinaunang propeta. Sinuway nila ang mga kaharian, mga hari, mga tao, mga iglesya, at lahat na ng iba pang mga bagay, at tumayong matatag sa Salita ng Diyos, at pinatunayan ng Diyos na sila'y tama. Napakagaspang nilang mga indibiduwal.

18 At itong si Elias ay isa sa pinakamagaspang sa kanilang lahat. Isa siyang tao ng ilang. Nanggaling siya sa ilang; nabuhay siya sa ilang. Sinabi ng Biblia na siya ay nararamtan ng mabalahibong kasuotan. Mayroon siyang balat ng tupa na nakabigkis sa kanya, at isang piraso ng balat, ng balat ng kamelyo na nakabigkis sa kanyang baywang, napaka . . . balbas-sarado siya, at nakikini-kinita ko nang isa siyang napakagaspang-tingnan na lalaki, at pagmasdan.

19 Subalit hindi tayo . . . lahat sila'y hindi lahat nangamatay. Hindi silang lahat—lahat nangamatay. Noong panahon ng Konseho sa Nicaea, marami sa inyong mga tao na nakabasa ng *The Nicene Council of the Early Church*, noong hangarin nilang gumawa ng organisasyon mula rito at sirain ang lahat ng iba pang mga iglesya, at humantong sa isa, nang magkaroon sila niyaong Konseho sa Nicaea, pumaroon ang magagaspang na mga lalaking gaya ni Elias mula sa ilang, na mga gulay lang ang kinakain; mga dakila't magagaspang na kalalakihan. Ngunit ang mga dignitaryo, ang mga matataas, sa ilalim ni Constantine, at iba pa, ay nanahimik lang. Sapagkat ang mga 'yon, palibhasa'y mga propeta, ay nalaman na ang naturang butil ng trigo ng Iglesyang Nobya ay kinailangang mahulog sa lupa, na gaya rin naman ng butil ng trigo sa Kasintahang Lalaki na kinailangang mahulog sa lupa. At doo'y nahimlay ito sa loob ng isang libong taon.

20 Iyon ang dahilan kung bakit isinusulat nila sa mga aklat ngayon, “Nasaan na yaong tahimik na Diyos na kayang tiisin at tumingin, makitang pinapatay ang maliliit na mga bata, at mga kababaihang pinagpira-piraso na ng mga leon, at maupo sa mga kalangitan at wala man lamang masabi tungkol dito?” Hindi nila batid ang Salita. Kailangang mahulog sa lupa ang butil

na iyon ng trigo. Paano magagawang tiisin at tingnan ng isang matuwid na Diyos ang Kanyang Sariling Anak na mamatay at dinuduraan, at iba pa? Subalit naaayon ito sa Salita, kailangan itong maganap. At gayun din ito maging sa oras na ito.

²¹ Itong lalaki, isa siyang dakilang tao. Nanggaling siya sa isang makasalanang henerasyong nauna sa kanya. Si Ahab ay hari noon, ang kanyang amang nauna sa kanya ay naging masama noon. Magmula pa kay Solomon, nagkaroon na ng sunud-sunod na masasamang mga hari. At ang taong ito, si Ahab, na naghari sa loob ng dalawampu't dalawang taon sa Samaria, ang siyang pinakamasama sa kanilang lahat. Isa siyang tunay na makabago. Naniniwala siya sa relihiyon, tiyak nga. At ginawa niya ang lahat sa makabagong kalakaran. Mayroon siyang apatnaraang Hebreong mga propeta niya, lahat sila'y pinag-aral na mabuti at sinanay. Nagsugo ang Diyos sa kanya ng isa at ayaw naman niya itong paniwalaan, at iyon ay si Elias.

²² Ngunit si Elias, itong Tisbita, ay isang lalaki ng ilang. Hindi isang pinong lalaki; isa siyang mabagsik na tao. At isang araw, matapos magkasala ni Ahab hanggang sa hindi na iyon matiis ng Diyos, nangusap Siya kay Elias sa ilang. At narito't parating na siya sa daan patungong Samaria, gaya ng madalas kong ilarawan; marahil makapal na ang kanyang puting balbas sa paligid ng kanyang mukha, ang kalbong ulo nangingintab sa araw, munting matandang naniningkit na mga mata, doon na may dalang patpat sa kanyang kamay, isang ngiti sa kanyang mukha, lumakad patungo mismo sa harapan ng hari ng Israel, at sinabi, "Ang . . . Ni hamog man ay walang papatak hanggang sa tawagin ko na ito."

²³ Bigyan nawa tayo ng Diyos ng mga taong ganyan, kita n'yo, mga tao na alam ang kanilang ginagawa na may taglay na **GANITO ANG SABI NG PANGINOON**.

²⁴ Ngayon, napag-aalaman natin na bago niya ginawa ito, na tinawag siya ng Diyos. Kinausap siya ng Diyos at, kaya nga't, wala siyang kinatatatakutang anumang bagay. Hindi siya natakot sa kanyang mensahe, na hindi ito magaganap; alam niyang magaganap ito! Alam niyang ayon ito sa Salita ng Panginoon, at alam niyang siya ang propeta ng Diyos para sa oras na iyon. Kung kaya't kahit na pugutin pa ng hari ang kanyang ulo, itapon siya sa kulungan, anuman ang gawin nila, ay wala itong kaibahan sa kanya; mayroong atas sa kanya, "**GANITO ANG SABI NG PANGINOON**," sa mismong harapan ng hari. Napakabangis na tao! Ngunit bago niya ito ginawa, iprinopesiya itong malaking tagtuyot . . .

²⁵ Sapagkat hindi hahayaan ng Diyos ang kasalanan nang walang kaparusahan. Kailangang may kaparusahan. Ano ang saysay ng isang batas kung wala ang—ang kaparusahan? Ano ang buting magagawa nito, sabihin, "labag sa batas ang

tumakbo habang nakatigil ang trapiko,” at walang multa sa likod nito, o walang kaparusahan sa likod nito? Hindi ito magiging isang batas. Kaya’t may kaparusahan sa kasalanan. At kapag gumawa ang Diyos ng isang batas, at ang batas—batas na iyon ay nilabag, kung gayo’y mayroon dapat kaparusahan para doon.

²⁶ At nilabag ng bansang ito ang lahat ng Kanyang mga kautusan. Oh, mayroon silang malaking iglesya, nasa kanila ang templo. Marami silang edukadong tao. Mayroon silang mga propeta sa buong bansa, may mga paaralan ng mga iyon, na ginagawa silang parang sa isang makina. At marami silang mga propeta, marami silang mga—mga saserdote, marami silang mga eskriba, at marami silang relihiyon, datapwat malayo sila sa Salita ng Diyos. Kaya tumawag ang Diyos ng isang lalaking labas sa alin man sa kanilang mga hanay man lang, at isinugo siya na may taglay na GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

²⁷ At pansinin kung paano Niya iniingatan ang Sariling Kanya. Bago Niya isinugo itong propeta na dala ang mensahe, sinabi Niya, “Elias, bumaba ka at sabihin kay Haring Ahab ang mga bagay na ito. At ngayon, kapag nagawa mo, lumayo ka kaagad sa kanya, sapagkat gumawa na Ako ng isang dakong matutuluyan mo habang tagtuyot. Iningatan Kita, Elias, kung iyo lamang ipangangaral ang Aking Salita, gawin lamang kung ano ang sinabi Kong iyong gagawin.”

²⁸ Ngayo’y ititipo ko itong dakilang ministeryo, ngayong gabi, ni Elias at ang panahon ni Elias, sa panahon na ating kinaroroonan na ngayon. Sa palagay ko’y isa itong ganap na tipo. Iniisip ko ang mga bansa . . . kung ako . . . mayroon tayong oras upang balikan, subalit nais kong maglaan ng mahabang oras sa linya ng pagpapanalangin.

²⁹ Kaya kung magagawa nating balikan at tingnan, kinuha ng Israel ang Palestina sa gayon ding basehan ng pagkuha natin dito sa Estados Unidos na ito. Dumating tayo rito sa Estados Unidos na ito at itinaboy ang mga naninirahan, na ’yung mga Indian, at inangkin ang lupain. At gayon din naman ay nagtungo ang Israel sa Palestina, sa ilalim ng pamumuno ni Josue, sa ilalim ng Diyos, at itinaboy ang mga naninirahan at sinakop ang lupain.

³⁰ At ang una nilang mga hari ay mga makapangyarihang lalaki; sina David, Solomon, at dakilang lalaki. Ang una nating mga presidente ay mga dakilang tao; sina Washington, Lincoln, at iba pa. Tapos nitong bandang huli na ang mga presidente o ang mga hari ay pabulok na nang pabulok sa tuwina, at sa huli ay humantong na sila dito kay Ahab. Ang pinaka tipo, larawan ng ating panahon. At lubos nang naging moderno ang mga tao na ayaw na nilang marinig pa ang tunay na Salita ng Panginoon.

³¹ At makikini-kinita ninyo, sa isang modernong bayang kagaya niyon, kung magiging ano na sa pandinig nila ang isang

tunay na lingkod ng Diyos. “Aba, baliw siya, wala na siya sa kanyang tamang pag-iisip. Hindi maaaring magkaroon ng ganoong bagay.” Mga relihiyoso sila, napakarelihiyoso. Mayroon silang mga tapat na kalalakihan, mayroon silang tapat na mga tao. Napakarelihiyoso nila.

³² Kaya alam niya na mangangailangan ng higit pa sa isang pangkaraniwang teolohiya lamang, mangangailangan ng higit kaysa—kaysa ano pa mang pangkaraniwang mensahe, mangangailangan ng higit pa sa pangangaral lamang ng Salita, upang madurog ang kanilang mga pusong bato. Alam niyang nangailangan ng GANITO ANG SABI NG PANGINOON upang maipadala doon yaong paghatol sa bayang iyon, kaya’t alam niya iyon noong nagtungo siya na taglay ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. At ito ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Ang tanggihan Iyon, ay kahatulan. Nakikita natin ’yan sa panahon natin, din. Nakikita natin ’yan sa alin mang panahon. Wala nang nalalabi pa kundi kahatulan kapag lumampas na kayo sa hangganan ng biyaya.

³³ Ngayon, ’yung tipo doon, na, ititipo ko si Elias sa iglesya ngayon, sa iglesya ng panahong ito. Di-katagalan bago ang paghuhukom, ay natanggap niya itong mensahe. Si Elias, isinisimbolo niya, na inaalagaan sa natural, sa kanyang natural na pagkain, dahil hindi na uulan ngayon, ayon sa Salita ng Diyos, sa loob ng tatlong taon at anim na buwan, o hanggang sa tawagin na ito ni Elias. “Anumang oras mo sabihin, Elias, magiging gayon nga ito.” Kaya nga nagtungo siya’t humarap sa hari, at sinabi, “Ni hamog man ay walang mahuhulog hanggang sa tawagin ko na ito.” Iyan nga’y talagang isang—isang dalahin, hindi ba? Talagang napakabigat na Mensahe iyan!

³⁴ At ngayo’y ititipo natin ’yan sa espirituwal na tagtuyot ng araw na ito. Ngayon, alam nating lahat, alam nating lubos, na may isang malaking espirituwal na tagtuyot sa lupain ngayon, sa espirituwal na pangungusap. At, alam ninyo, na inihula na iyan ng mga propeta, na bago ang ikalawang Pagparito ni Cristo ay magiging, ang sabi, “Sasapit ang taggutom sa lupain, at ito’y hindi lamang taggutom sa tinapay, kundi sa pakikinig sa Salita ng Diyos.” At ngayon na ang araw na ’yon, “pakikinig sa tunay na Salita ng Diyos.” Ngayon, itinitipo nito ang natural na tagtuyot sa espirituwal.

³⁵ Kasalanan at kawalan ng pananampalataya, sa pamamagitan ng mga bulaang tagapagturo at mga modernista sa iglesya, ang naghatid sa kondisyon na ito sa paparating, papalapit na paghuhukom. Pagkatapos ay tinalikuran na nila ang Salita ng Diyos at ang Kanyang propeta, tungo sa isang makabagong terminong teolohikal ng Salita.

³⁶ Mapapansin ninyo rito, na sadyang sa ganyang panahon mismo na ang Diyos sa tuwina ay nagpapalitaw ng isang bagay.

Pagka't, Siya, sa tuwina, wala Siyang gagawing anumang bagay hanggang sa maihayag muna Niya ito sa mga tao, at inihahayag Niya ito sa tuwina sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod.

³⁷ Ngayon, ngunit si Elias, sa naturang panahong ito, ay may isang lihim na dako na itinalaga ng Diyos upang puntahan niya. Iyan ang bagay na nais nating makita ngayon bago tayo magkaroon ng linya ng pagpapanalangin. May isang lihim na dako si Elias na inilaan ng Diyos Mismo. Ngayon, hindi ito kailanman inilaan ng iglesia para sa kanya, hindi ito kailanman inilaan ng hari para sa kanya, hindi siya naglaan sa kanyang sarili, kundi ang Diyos ang naglaan ng isang lihim na dako para kay Elias upang pakanin sa tuwina habang tagtuyot, kung saan ipinagkaloob ang kanyang pagkain sa araw-araw. Hindi na niya kinailangang mag-isip pa kung ano ang mangyayari bukas o mag-isip kung mauubos ang pagkain. Sinabi ng Diyos, "Inutusan Ko na ang mga uwak at pakakanin ka nila." Napakagandang bagay, isang tipo ng ating lihim na dako kay Cristo.

³⁸ Kung kailan ang pandaigdigang konseho at lahat na ng mga nagaganap ngayon, na nagsasabing, "Lumipas na ang mga araw ng himala." Ang mga dakilang kapangyarihan ng Diyos ay inalis na sa mga iglesia. Para ba silang, wala na, wala na silang kahit ano kundi "isang tanso na tumutunog at isang batingaw na umaalingawngaw." Alam nating iyan ang katotohanan. "At anyo ng kabanalan, at tinatanggihan ang Kapangyarihan nito."

³⁹ Ganitong bagay lamang din ang ginawa ni David, kaninang umaga, na gamit ang mga karo ng baka, napalayo na sa Salita. Nang ilahad ang Salita at ibigay sa kanila, hindi nila Ito gusto; kaya nga, napalayo na sila mula Rito.

⁴⁰ Ganyan ang ginawa ng mga taong ito noong panahon ni Elias, napalayo na sa Salita. Inakala nila na nasa kanila ang Salita, ngunit wala sila Nito. Kaya pansinin noon sa . . .

⁴¹ Noong oras na Kanya nang parurusahan ang di-mananampalataya, gumawa Siya ng daan para sa mananampalataya. Ang siya ring bagay na Kanyang ginagawa sa tuwina. Noong mga araw na Kanya nang wawasakin ang mundo sa pamamagitan ng tubig, gumawa Siya ng daan ng pagtakas para kay Noe. Noong mga araw na lulunurin na Niya ang Egipto, gumawa Siya ng daan ng pagtakas patawid ng dagat para sa Kanyang bayan. Kung paano talaga gumagawa ang Diyos ng Kanyang daan! At kung saan wala roong daan, Siya yaong Daan. Siya yaong Daan!

⁴² Ngayo'y napagtatanto natin na nahaharap tayo sa ilan sa . . . isa sa mga pinakadakilang oras na kailanma'y nalaman ng kasaysayan. Hindi naman talaga 'yung warhead na may maliwanag na kumikinang na missile, na taglay ang ulo nito, ang dapat nating katakutan. Ang mga iglesia ang dapat nating

katakutan. Ang oras na ating kinabubuhayan ang dapat nating bantayan.

⁴³ Ngayon pansinin, ngunit gumawa ang Diyos ng daan upang matakasan ito ni Elias. At gumawa Siya ng daan para sa Kanyang sumasampalatayang mga anak upang matakasan ito ngayon, ang poot at mga bagay na darating.

⁴⁴ Sapagkat, hindi magiging makatuwiran ang Diyos na hatulan ang mga taong iyon at padalhan sila ng kaparusahan, at palubugin ang Sodoma't Gomorra, at palubugin ang Capernaum sa gitna ng dagat, at hatulan ang mga henerasyong iyon, at ang Sodoma't Gomorra, at pagkatapos ay hayaan tayong gawin ang gayon ding bagay at malusutan iyon. Nakatitiyak tayo sa kahatulan na gaya ng pagkatiyak nila sa kahatulan. Ngayon napansin natin na ang . . .

⁴⁵ Nang dumating ang mga bagay na 'yon, ang modernong kalakaran ng panahong 'yon, nagpalitaw ang Diyos ng isang lalaki sa panahong iyon, o pinalitaw ang isang lalaki, pala, upang labanan ang naturang mga puwersa, at ayaw nila itong pakinggan. Inakala nila na baliw siya, "Nasiraan na siya ng kanyang bait. Isa lamang siyang matandang panatiko, hangal na mula sa ilang, tila ba nahihibang." Ngunit, gayon pa man, nasa kanya ang Salita ng Panginoon.

⁴⁶ "Ang Salita ay hindi nangangahulugan kung ano ang sinasabi Nito," ang sinasabi nila sa panahong ito. "Oh, buweno, ang Biblia ay isang aklat ng kasaysayan." Sa palagay ko'y nakita na ninyo ito, na ngayo'y ipinapahayag na nila, na, "Hindi kinain ni Eba ang mansanas, kinain niya ang isang . . ." Ano nga iyon? Sa palagay ko . . . "Iyon ay aprikot," ang sinasabi na nila ngayon. "Iyon ay aprikot." At saka, na, "Hindi kailanman dinala ni Moises ang naturang mga anak padaan sa Dagat na Pula. Mayabong na kumpol 'yon ng mga tambo, na naroon sa kabilang dulo niyaong dagat, at dumaan siya sa isang dagat ng mga tambo." Kung gayo'y paanong ang tubig, t-u-b-i-g, ay naging mala-pader sa magkabilang gilid; dumaan sila sa tuyong lupa, kung gano'n? Oh, wala talagang kabuluhan! Ngunit, nakita ninyo, kinakailangan ng ganyang uri ng panahon upang maibaba ang poot ng Diyos sa mga tao. Ito ang ginagawa nito.

⁴⁷ Sinasabi nilang walang gayong bagay na gaya ng—gaya nitong mga . . . Maging ang mga tao sa iglesya'y hindi naniniwala sa mga himala. "Bibigyan kita ng isang libong dolyar," sabi nila, "pakitaan mo lang ako ng isang himala. Pakitaan mo ako ng isang himala!" Buweno, hindi nila ito makikita kung mayroon nang sampung libong mga bagay na nagawa na sa kanilang harapan. Aba, sila, hindi na nila ito makikita kailanman.

Sasabihin ninyo, "Kaimposiblehan 'yon." Oh, hindi, hindi 'yon.

48 Minsan si Elias ay naroon sa Dothan, at lumusob ang hukbo ng Siria at pinalibutan ang siyudad, upang dakpin siya, sapagkat alam nila na doon nakasalalay ang—ang kapangyarihan ng bansa, ay doon sa tagakita na iyon. Aba, ang hari . . . Isa sa mga lalaki ang nagsabi sa hari ng Siria, sabi, “Aba, alam mo, si Elias na propeta, na Tisbita, ay sinasabi sa hari ng Israel kung ano ang sinasabi mo sa iyong lihim na silid.”

49 Sabi, “Sige pumunta’t dakpin ang lalaking ’yon! Iyon ang taong humahadlang sa atin.” At ang buong sandatahang-lakas ng Siria ay pumuslit sa palibot ng Dothan. Nasa buong palibot sila nito.

50 At si Gehazi, na—na alalay ng naturang propeta, ay bumangon, at sinabi niya, “Oh, ama ko, ang hukbo’y nasa buong palibot na natin dito. Lubos na tayong napapalibutan.”

51 Sabi niya, “Aba, mas marami ang nasa atin kaysa nasa kanila.” Kita n’yo?

At tumingin sa paligid si Gehazi, sabi, “Wala akong nakikitang sinoman.”

52 Sabi niya, “Panginoong Diyos, buksan Mo po ang mga mata nitong bata.” At nadilat ang kanyang mga mata, at ang buong burol ay puno ng mga Anghel at mga karong nakatigil sa palibot, ang hindi nakikitang Hukbo.

53 Lumakad si Elias palabas roon, at sinabi ng Biblia, “Kanyang binulag sila.” Siya’y lumabas sa kanila; sila’y nangabulag sa kanya. Lumabas at sinabi, “Hinahanap ba ninyo si Elias?”

Sabi nito, “Oo, hinahanap namin siya.”

54 Sabi, “Halikayo, sasabihin ko sa inyo kung nasaan siya mismo,” at inakay sila sa mismong tambangan, patungo mismo kung saan nagsilabas ang mga hukbo at nahuli sila.

55 Ngayon, sinabi ng Biblia, “Kanyang binulag sila.” Iyon na ang tumapos doon. At ang mga tao ay lubos nang bulag sa espirituwal ngayon, bagama’t bumaba ang Panginoong Diyos sa kalagitnaan ng mga tao at gumawa ng anumang bagay, at ang mga bagay na Kanyang ipinangako, hindi pa rin nila Ito makikita. Sila’y mga bulag sa espirituwal; hindi nakikilala ang Diyos, hindi nakikilala ang Kanyang dakilang Kapangyarihan. Ngayon, napansin natin na ginawa nila iyon noong panahon ni Elias, at ginagawa pa rin nila ito ngayon. Binubulag sila ng Diyos. Sinasabi nila ngayon, na, “Walang mga himala, walang gayong bagay, emosyon lamang ang lahat ng ito.”

56 At sinabi nila ang gayun ding bagay tungkol kay Elias, sapagkat nang agawin siya paitaas at pumalit si Eliseo sa kanyang lugar, isang bata pang lalaki, na nakalbo na, nang bata pa, hinahabol siya noon ng mga bata sa kanyang likuran, at sabi, “Matandang kalbo, bakit hindi ka sumama kay Elias?”

Kita n'yo, ni hindi nga nila Ito pinaniwalaan sa simula, ng mga tao, matapos na ginawa na ang napakaraming mga bagay. At ang dakilang lalaking ito ng Diyos ay nalipat na sa Langit sa pamamagitan ng isang karong apoy, at hindi pa rin Ito pinaniwalaan ng mga tao. At hinayaan ang kanilang munting mga anak na humabol sa likuran nitong lalaki at magsabi, "Matandang kalbo, bakit hindi ka sumama paitaas?" Kita n'yo? At pagkatapos ay sinumpa ng propeta ang naturang mga bata, at pinatay ng isang babaeng oso ang apatnapu't dalawa sa kanila.

⁵⁷ Ngayon pansinin. Ngayon, kung paano noon, inilalagay nila ang kanilang sariling pagpapaliwanag sa Salita. Ngayon, kung gusto nilang gawin 'yon, nasa kanila na 'yon, ngunit pinipilit nila na papaniwalaan tayo rito. Sinabi ng Biblia na, "Itong Salita ng Diyos ay hindi nagmula sa pansariling pagpapakahulugan." Diyos ang gumagawa ng Kanyang Sariling pagpapaliwanag. Pinatutunayan ng Diyos ang Kanyang Salita, at iyan ang kapaliwanagan Nito. Gaya nga ng sinabi ko nang maraming beses na, sinabi Niya noong pasimula, "Magkaroon ng liwanag," at nagkaroon nga ng liwanag. Hindi na iyan kailangang ipaliwanag pa; naganap nga ito. Sabi Niya, "Isang birhen ang maglilihi," siya nga. Sinabi Niyang Kanyang "ibubuhos ang Kanyang Espiritu," ginawa nga Niya. At sinabi Niya, "sa mga huling araw," ang mga bagay na Kanyang gagawin, at ginagawa na Niya ito! Ito'y hindi na kailangan ng anumang paliwanag; gumagawa ang Diyos ng Kanyang Sariling pagpapaliwanag. Ano man ang sabihin ng mangmang na tao, hindi n'yan napapatigil ang Diyos ni katiting man.

⁵⁸ Nang narito pa sa lupa si Jesus, marami rin Siyang nilabanang kawalang pananampalataya na gaya ng mayroon tayo ngayon, at marahil ay higit pa. Ngunit hindi Siya napigil nito; nagpatuloy pa rin Siya sa pagpapamalal at pagsasagawa ng Kanyang tungkulin, at pinatutunayan ng Diyos ang lahat ng bagay na Kanyang ginawa. Sabi Niya, "Hindi Ako nag-iisa sa Sarili Ko. Ang Aking Ama at Ako ay iisa; Siya'y nananahan sa Akin. Hindi Ako ang gumagawa ng mga gawa, ang Ama iyon na nananahan sa Akin. At kung hindi Ko ginagawa ang Kanyang mga gawa, kung gayo'y huwag ninyo Akong sampalatayanan; datapwat kung ginagawa Ko ang mga gawa at gayunma'y hindi ninyo Ako masampalatayanan, sampalatayanan ninyo ang mga gawa." Kita n'yo? Sa madaling salita, sila . . . "Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan," sabi Niya, "sapagkat iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, ay sa pamamagitan ng pagkaalam sa Mga Kasulatan. At ang Mga Kasulatan, Mismo, ang nagpapatotoo tungkol sa Akin." Amen! Napakagandang pagpapahayag! "Ang mga ito'y ang siyang, ang Mga Kasulatan, ang nagsasabi sa inyo kung Sino Ako," sabi ni Jesus.

59 At ang Mga Kasulatan ang nagsasabi sa inyo ng oras na kinabubuhayan natin. At ang mga bagay na nakikita ninyong nagaganap, ito'y ang Diyos Mismo sa gitna ng Kanyang mga tao. Walang anumang makapagbabangon ng patay kundi ang Diyos. Walang anumang makagagawa ng mga bagay na Kanyang ginagawa ngayon kundi Siya. Sapagkat sinabi ng Biblia, "Siya'y ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

60 Ngayo'y nakikita natin 'yung modernong kalakaran ng mga tao, saka, "Oh, nakalipas na ang naturang mga araw, wala nang gayong bagay na gaya ng mga himala. Ang mga tao'y lubhang nadadala lang talaga sa emosyon."

61 Pakinggan ang Elias na iyon, ang propeta, humihiyaw laban sa kanila at sa kanilang mga teologo. Pansinin, pansinin, nangusap siya na para bang siya ang Diyos Mismo. Nangusap si Elias na para bang siya ang Diyos Mismo, "Ang hamog ay hindi bababa mula sa langit hanggang sa tawagin ko na ito." Amen! Siyanga, po. Ang naturang propeta ay matagal nang napasa Presensiya ng Diyos!

62 Ang mga propeta sa Lumang Tipan, o sa kahit anong panahon, kapag namumuhay sila sa Presensiya ng Diyos hanggang sa naging Salita na sila, ang Mensahe nila ay ang Mismong Salita na. At, alalahanin, sinabi Niya, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON." At nang napasa mga taong 'yon na ang mga mensaheng iyon na mula sa Diyos, at sila ay naging okupadong-okupado na hanggang sa ang kanilang sariling pag-iisip...Maaaring taliwas ito sa sarili nilang kaisipan, maaaring hindi nila kaya na—na makita ito nang tama. Ngunit sinasabi nila ang Salita ng Diyos, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON."

63 "Hindi magkakaroon ng ulan man lang hanggang sa tawagin ko na ito." Oh, anong pangungusap! Siya ay napasa Presensiya na ng Diyos at ganap nang pinatunayan. At, alalahanin, kahanay din iyan ng Amos 3:7, "Ang Panginoong Diyos ay walang gagawin hanggang sa maihayag muna Niya ito sa Kanyang mga lingkod na mga propeta." Sabi, "Hindi magkakaroon ng anumang ulan na babagsak!" Siya muna . . .

64 Pinagtawanan nila siya, inisip nila na nababaliw na siya, "Ang panatikong 'yon!" Ngunit, kita n'yo, mayroon siyang GANITO ANG SABI NG PANGINOON na hindi uulan. At, ang Diyos, bago niya 'yon ginawa, ipinahayag Niya ito kay Elias na Kanyang lingkod. At isa siyang pinagtibay, na pinatunayang propeta, kaya dapat sana'y nangagsipagsisi na ang mga tao. Pero, sa halip na ganoon, ay pinagtawanan nila siya, ang sabi, "Oh, meron tayong napakasaganang ulan! Puno ang mga imbakan. Umaagos nang maganda ang mga ilog."

65 Sinabi ng Biblia na, "Wala kahit na hamog sa loob ng tatlong taon at anim na buwan." Natuyo ang lahat ng mga batis at tubig,

sa lahat na ng dako. Hindi na iyon yaong tao, 'yon ay ang Diyos na nangungusap sa pamamagitan ng taong iyon. Iyon ay ang "Ako" nga iyon. Alam na natin sa tuwina. Kaya siya . . .

⁶⁶ Nalalaman natin na kapag dumating ang isang tao, isinugo mula sa Diyos, na itinalaga ng Diyos, na may totoong GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ang naturang mensahe at ang mensahero ay iisa at iyung-iyon din. Sapagkat ipinadala siya upang kumatawan sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON, Salita sa Salita, kaya siya at ang kanyang mensahe ay iisa.

⁶⁷ Ang isang maka-denominasyon na tao sa ilalim ng pagtangkilik ng denominasyon, siya at ang naturang iglesya ay siyang "isa." Ang isang teologo sa ilalim ng teolohiya, na ginawa ng isang kung anong denominasyon, siya at ang kanyang mensahe ay iisa; iglesya ng teolohiya, isang teologo. Tama nga iyon.

⁶⁸ Kaya kung dumarating ang isang tao na may GANITO ANG SABI NG PANGINOON, siya at ang kanyang Mensahe ay iisa. At nang dumating si Elias na may GANITO ANG SABI NG PANGINOON, siya at ang kanyang mensahe ay naging isa. Gaya rin ni Jesus, nang dumating Siya, Siya ang Salita, San Juan 1. Kaya ang Salita ng Diyos at ang mensahero ng kapanahunan ay ang siya ring bagay, sa tuwina. Tama 'yan.

⁶⁹ Si Jesus ay yaong Salita na iprinopesiya. Siya ang pinatutungkulan noon ng mga propeta na magaganap, "Isang birhen ang maglililihi at magsisilang nitong Sanggol." Doon pa lang sa pasimula, sinabi na ng Diyos sa kanila, sabi, "Dudurugin ng Binhi ng babae ang ulo ng serpiyente, at dudurugin naman nito ang kanyang sakong." Lahat ng mga propesiyang ito ay ibinigay na. Si David na nananangis noon, lahat ng iba pang mga propeta sa mga nagdaang kapanahunan, pawang nangungusap tungkol sa Kanya. Siya yaong Salita na nahayag! Aleluya!

⁷⁰ Ngayon nakikita ba ninyo kung saan patungo ang sinisikap kong talakayin? Nangusap ako sa inyo nang napakasimple ngayong umaga. Hindi ba ninyo nakikita ang kapangyarihan ng buhay na Diyos sa loob ng buhay na Iglesya, sa Nobya? Nagsisigaling ang mga maysakit, nabubuhay ang mga patay, nakakalakad ang mga lumpo, nangakakakita ang mga bulag, patuloy na lumalaganap ang Ebanghelyo sa kapangyarihan Nito, sapagkat ang Mensahe at ang mensahero nito ay iisa. Ang Salita ay nasa Iglesya, nasa naturang tao.

⁷¹ Ang Salita ng Diyos ay na kay Elias nang maglakad siya patungo roon na may GANITO ANG SABI NG PANGINOON, at sinabi, "Hindi uulan." Hindi 'yon si Elias; ang Diyos iyon na na kay Elias.

⁷² Sinabi ko noon nang maraming beses na, gaya nung babaeng taga-Christian Science na nagsabi sa akin minsan. Naikuwento

ko na ito nang maraming beses na tungkol dito. Sabi niya, “G. Branham, masyado mong ipinangangalandakan si Jesus.”

Sabi ko, “Umaasa akong ’yan lang ang bagay na dapat kong panagutan.”

At sabi niya, “Pinipilit mong gawin Siyang Diyos.”

Sabi ko, “Diyos nga Siya.”

⁷³ Sabi, “Oh, isa Siyang propeta, isa Siyang mabuting tao, pero hindi Siya Diyos.”

⁷⁴ At sabi ko, “Buweno, ipakita mo sa akin ang isang Kasulatan na nagsasabing hindi nga Siya.”

⁷⁵ Sabi niya, “Sa Aklat ni San Juan, sinasabi nito na ‘tumangis’ Siya nang magtungo Siya sa libingan ni Lazaro.”

⁷⁶ “Buweno,” sabi ko, “tiyak nga, umiyak Siya. Siya kapuwa ay tao at Diyos. Tao Siya, na nananangis; ngunit kinakailangang Diyos Siya para buhayin ang patay.” Tama. Sabi ko, “Tao Siya, na nagutom; ngunit Siya ay Diyos na nagpakain sa limang libo, sa pamamagitan ng ilang biskwit at limang isda.” Tama ’yan. “Tao Siya, na natutulog sa likod ng isang bangka; ngunit ang Diyos iyon na nasa loob Niya na nakapagpapatahimik sa mga tubig.” Sapagkat bakit? Siya at ang Kanyang Mensahe ay iisa.

⁷⁷ Sinabi Niya, “Ako at ang Aking Ama ay iisa. Ang Aking Ama ay nananahan sa Akin.” Siya ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos sa kahayagan ayon sa laman.

⁷⁸ Sa palagay ko’y lubos itong kapansin-pansin noong isang araw, nang inihahatid ko *Ang Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*. Sa simula pa lang, ako—hindi ko makuha si Jesus na nakatayo doon na mayroon niyaong . . . mayroon niyaong puting nakalagay sa Kanya na gaya niyan, sabi, “Ang Kanyang buhok ay kasingputi ng balahibo ng tupa.” Hindi ko maunawaan kung paanong ang isang lalaki na tatlumpu’t tatlong taong gulang ay magiging kasingputi ng niyebe.

⁷⁹ Tinawagan ko ang isang mahusay na teologo, teologong Pentecostal, isang mabuting napakalapit na kaibigan. Buweno, ito’y si Kapatid na Jack Moore. Siya’y matalino, marunong na tao. Sabi niya, “Kapatid na Branham, iyon ay si Jesus na niluwalhati na. Ganyan ang itsura Niya noon matapos na Siya ay luwalhatiin.” Hindi, hindi ko mapaniwalaan ’yon. Hindi.

Ako—ako—sabi ko, “Buweno, Kapatid na Moore, salamat.”

⁸⁰ Pumasok ako sa kuwarta doon at nagsimulang kausapin ang Diyos. Binuksan ko ang aking concordance para sundan Siya pabalik sa Daniel, kung saan sinabi nito, “At pumaron siya sa Matanda sa mga Araw Na ang buhok ay kasingputi ng balahibo ng tupa.” Sabi ko, “Panginoon, ako—ako—hindi ko po alam kung ano ang sasabihin, at nasa akin po ang pananagutan.” Ngayon, iyan ay bago ang pi- . . . at alalahanin, bago nabuksan

ang Pitong Tatak, mga isang taon na o mahigit, bago ang naturang pagbukas. Nananalangin ako noon, “Panginoon, ano po iyon?”

⁸¹ At tumingin ako, may nakatayo sa harapan ko, at naroon nakatayo ang isang lalaki at siya ay isang hukom, at nakasuot siya ng isang puting peluka. Ang matatandang mga hukom noong unang panahon ay nagsusuot ng puting peluka upang ipakita na siya ay ang kataas-taasang kapangyarihan.

⁸² At kaya noong makita ko si Jesus na nakaputing peluka, sinabi ko na pinatutunayan lamang nito ang katotohanan na alam natin, na Siya ang Kataas-taasang Kapangyarihan. Pinatunayan ng Diyos ang gayun ding bagay sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo, ang sabi, “Ito ang sinisinta Kong Anak, Siya ang pakinggan, ang Kataas-taasang Kapangyarihan!”

⁸³ Noon doon sa pasimula ng naturang Pitong Tatak, nang bumaba’yung pitong Anghel doon sa anyong piramide na iyon, tumayo roon at sinabi sa akin na bumalik dito at mangusap tungkol doon sa Pitong Tatak, at Siya’y sasa-akin, ipapakita Niya sa akin kung ano ang mga’yon, ang mga bagay na nangawala. Iniisip ko sa tuwina noon pa na sinelyuhan ito sa likod ng Aklat at magiging isang bagay ito na hindi naisulat sa Aklat, subalit nangyaring ipinaalam pala ito na hindi Niya iyon maaaring gawin. Hindi ito isang bagay na nasusulat sa Aklat. . . Ito’y isang bagay na itinago sa Aklat. “Sapagkat sinoman ang mag-alis ng isang Salita mula Rito o magdagdag ng isang salita Rito. . .” Kaya ito ay isang hiwaga na matagal nang nasa Aklat sa pitong kapanahunan ng iglesya na ito. Ang bawat isa sa kanila ay nagdulot ng isang—isang hiwaga, lahat tungkol sa bautismo sa tubig at itong iba pang mga bagay na napakatagal na nilang kinakapa.

⁸⁴ Tapos nung pumaitaas na iyon, ’yung malalaking mga obserbatoryo mula pa sa California, hanggang doon sa Mexico, sa bandang Tucson, sa lahat na ng dako, ay kinukunan Ito ng larawan. Isa Itong mahiwagang tanawin. Si Kapatid na Sothmann diyan, na nakaupo mismo diyan sa may likuran, at ako at si Kapatid na Gene Norman, ay naroon nakatayo mismo noon nang pumaitaas Ito. Kinunan nila ng larawan, gayun ma’y hindi nila alam ang tungkol dito. Kamakailan lang dito, sinasabi ng lahat, “Tingnan n’yo. Katulad ito *nito*, at ang mga pakpak ng Mga Anghel na iyon, kung paano nakatiklop ang mga’yon doon.”

⁸⁵ Isang araw, sa pagpaling ko nito sa kanan, sa pagtingin, hayun si Jesus Cristo nang tumpak na tumpak gaya ng pagkakaguhit ni Hofmann sa Kanya. Naroon Ito noon na nakasuot ng puting peluka, na nakatingin pababa sa lupa, nagpapakita na Siya ang Kataas-taasang Kapangyarihan. Ipinahahayag ito ng Kalangitan, ipinahahayag ito ng Biblia,

ipinahahayag ito ng Mensahe, lahat ay iisa. Ang Kataas-taasang Kapangyarihan, na nakasuot ng puting peluka; makikita ninyo ang itim Niyang balbas sa ibaba. Marami sa inyo ang nakakita na sa naturang larawan. Mayroon tayo nito doon sa likod. Ipaling n'yo lamang ito sa kanan, patagilid, tingnan ito. Hayun Siya, sadyang tugma kung paano nga ito noon, kung kinuhanan nga Siya noon. Tinitingnan nila ito sa maling anggulo. Kailangan ninyo itong tingnan sa tamang anggulo. At tanging ang Panginoong Diyos lamang ang makapaghahayag kung alin ang tamang anggulo. Ipaling n'yo ito sa inyong kanan at tingnan ito. Hayun Siya, tugmang-tugma, kung ito nga ay kinuhanan doon sa itaas.

⁸⁶ Nang kauna-unahang pagkakataon na nakita ko Siya, kamukha siya niyaong *Ulo ni . . . Hofmann*. Hindi ko pa 'yon nakita dati. At doon sa tabernakulo ni Billy Sunday, makalipas ang mga taon, ay nakita ko ito. Hindi na nangyaring nawalan ng isa sa mga naturang larawan ang bahay ko mula noon.

⁸⁷ Pagkatapos, dito sa kalangitan, na nagsasabi na ang mismong Diyos na nakita ko noon sa pangitain ko rito, isang munting bata pa lamang ako noon dito kung saan nakatayo itong paaralan, ganyan ang itsura Niya. At dito sa Kalangitan, makalipas ang tatlumpu't tatlong taon, ay ipinahayag ito, na ito ang katotohanan. Ganyan ang itsura Niya; hindi isang kung anong mistikong bagay na ideya ng kung sino.

⁸⁸ Tulad doon sa Vatican, mayroon silang isang—isang—isang Cristong iginuhit doon, na may isang munting pabilog na puting balbas o isang pabilog na balbas sa palibot ng Kanyang baba, mga kalahating pulgada ang haba, na nakapaikot mismo sa gawing itaas ng Kanyang bibig at parang *ganito*, at tinatawag iyon na ang Cristo.

⁸⁹ Sadyang ipinaaalala niyan sa akin ang isang Griyegong pintor na nakita ko minsan sa isang lumang katedral, na ipinapakita kung ano ang itsura nina Adan at Eba; mukha silang mga hayop o isang kung ano. Ganyan nga ang maisip ng karnal na pag-iisip tungkol sa isang bagay na espirituwal. Sa palagay ko si Adan ang siyang pinakamagandang lalaki na nabuhay, at si Eba ang perpektong babae sa lahat na ng paraan.

⁹⁰ Ngayon ibinabalot ng karnal na kaisipan ang naturang Bagay sa kanilang sariling mga ideya, tapos ipinapadala ng Diyos at inilalantad ang Bagay na iyon sa pamamagitan ng Kanyang Kapangyarihan. Ganyang-ganyan nga ang nangyari dito noong panahon ni Ahab.

⁹¹ Ngayon, nalaman natin na masasabi ni Elias 'yan sapagkat ang Mensahe ng kapanahunan at ang Salita ng Diyos. . . Ang mensahero, ang Mensahe—ang Mensahe, at ang Salita, ay eksaktong parehong bagay. Ang propeta, ang Salita, ang Mensahe; ang mensahero, Mensahe, at ang Mensahe, ay pareho.

Sinabi ni Jesus, “Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa na nasusulat tungkol sa Akin, kung gayo’y huwag nga ninyo Akong paniwalaan.” Mabuti iyon. Sinumang tao at ang kanyang mensahe ay iisa.

⁹² Iyan ang dahilan ngayon na hindi sila naniniwala sa paggawa ng mga gawa ng Diyos, sapagkat hindi nila tinatanggap ang Mensahe ng Diyos. Hindi sila naniniwala sa Mensahe.

⁹³ Ngunit yaong mga naniniwala sa oras ng Diyos na ating kinabubuhayan, ang mga bagay na ito ay ang nakatagong Pagkain. Isipin lamang, itinago Ito nang lubos ng Diyos na anopa’t tinitingnan na nila Ito mismo at hindi nila Ito nakikita. Ang siya ring paraan na binulag ni Elias ang hukbo ng Siria. Gayon ding paraan na binubulag ng Diyos ang dimanampalataya sa tunay na purong Pagkain ng anak, ang mananampalataya.

⁹⁴ Ang itinawag nila kay Noe, “isang panatiko,” na noo’y gumagawa ng daong, bukas ang kanyang mga mata sa Salita ng Diyos at sa pangako. Ang mismong siya ring bagay na tinawag nilang kapanatikuhan, ang nagligtas kay Noe at sa kanyang pamilya. Kita n’yo, ang mismong siya ring bagay. Ang bagay na pinagtatawanan ng mga tao, ay ang bagay na ating idinadalangin. Ang bagay na tinatawag ng mga tao na “baliw,” ay tinatawag nating “Dakila!” Ang tinatawag naman ng sanlibutan na “dakila,” ay tinatawag na “mangmang,” ng Diyos. At ang tinatawag ng sanlibutan na “mangmang,” ay tinatawag na “Dakila!” ng Diyos. Ito’y sadyang eksaktong kabaligtaran sa pagitan ng Tama at mali. Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

⁹⁵ Alalahanin, nagtungo siya sa kanyang lihim na dako sa plano ng Diyos, sa tawag ng Diyos, at ng Salita ng Diyos. Pumasok si Elias sa kanyang lihim na dako sa pamamagitan ng paunang kaalaman ng Diyos (plano), at ang pagkatawag sa kanyang buhay, at ayon sa Salita. Kung hindi pa iyan ang paraan ng ating pagpasok, hindi ko na alam kung paano ba tayo nakakarating doon.

⁹⁶ At pansinin, bago magsimula ang tagtuyot, nagtungo na si Elias dito sa dakong lihim na ito para sa kanyang ikabubuhay. Isang ganap na tipo tungkol sa bago magsimulang tumama ang paghatol sa sanlibutan, ang Iglesya ay natawag nang palabas, napili na ang Nobya, at naghihintay na lamang bago tumama ang paghatol. Naghihintay na lamang, kumakain ng Pagkain ng Diyos, na tinatamasa ang mga biyaya ng Diyos. Ang sino mang tao na nasa kanyang normal na pag-iisip ay nalalaman na direktso na tayong patungo, narito na tayo sa oras ng paghuhukom.

⁹⁷ Tingnan n’yo! Kapatid na Banks, ilan sa inyo na mga kalalakihan na narito ngayong gabi, na nakatayo noon sa bundok na iyon nang umagang ’yon.

⁹⁸ At nais kong mangusap tungkol sa bundok na iyon, sa susunod na Linggo ng umaga, kung loloobin ng Panginoon. Nakatanggap ako ng isang dakilang kapahayagan, isang karagdagang bagay na halos hindi ko maiwasang hindi masabi ngayong gabi. Ngunit mayroon akong . . . Kita n'yo? At sadya itong patuloy, sa tuwi-tuwina, bagay na sunud-sunod na nangyayari. Kita n'yo? Hinding-hindi ito titigil na maganap, sapagkat ito ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

⁹⁹ Bawat isa sa inyo na naririto, libo-libong beses doon sa teyp, ay narinig akong tumayo at nagsabi, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ito ay magiging gayon at ganoon." At maging ang mga pahayagan at mga magasin ay kinailalang ihayag na ganoon nga ito. Hindi nila alam kung tungkol saan ang lahat ng ito, ngunit nakita nila ito. Hindi nila alam kung ano ito, ngunit nakita nila ito, ginagawa ang Salita na tumpak na katotohanan.

¹⁰⁰ Nakatayo kami rito noon sa ilog, 'yung Anghel ng Panginoon ay bumaba nang araw na 'yon, tatlumpu't tatlong taon, o 1933 'yon noon, bumaba at sinabi ang mga bagay na Kanya ngang sinabi. Umahon ako, at maraming tao ang nakatayo noon doon sa pampang, sabi, "Ano'ng ibig sabihin nun, Billy?"

¹⁰¹ Sinabi ko, "Hindi para sa akin iyon; para sa inyo 'yon. Sumasampalataya ako; kayo'y hindi." At nagpatuloy lamang sa paglakad.

¹⁰² Pagkatapos sinabi ng pastor sa akin, sabi niya, "Ibig mong sabihin na ikaw, na may ikapitong baitang na edukasyon, ay lilibot sa buong mundo at mananalangin para sa mga monarka at mga makapangyarihang pinuno at mga hari at mga ganung bagay? At, oh," sabi, "kalimutan mo na Iyon!"

¹⁰³ Hindi ko makakalimutan Ito, nakintal na Ito sa puso ko. Ngayon narito, makaraan ang tatlumpu't tatlong taon, ang lahat ng Kanyang sinabi ay naganap nang tugmang-tugma gaya ng sinabi Niya na Kanya nga itong gagawin. Diyos Siya at hindi mabibigo. Tinutupad Niya sa tuwina ang Kanyang Salita. Siya . . . Huwag na huwag pag-alinlanganan Ito.

¹⁰⁴ Ngayon, pansinin, pumasok siya sa pamamagitan ng plano ng Diyos (paunang kaalaman), pagkatawag ng Diyos, at ng Salita ng Diyos, at pumasok bago dumating ang tagtuyot.

Ngayon, alam natin na ang paghuhukom ay nahahanda nang humagupit.

¹⁰⁵ Nakatayo doon sa burol nang araw na iyon, si Kapatid na Banks Woods na nakatayo rito, ay naglalakad kami noon paakyat sa naturang burol. Marahil ay banggitin ko itong muli, upang mabuo ang inyong pananampalataya para dito sa linya ng pagpapanalangin na ito na napipinto nang maganap sa susunod na sampu, labinlimang minuto. Nauuna lang akong naglalakad noon kay Kapatid na Banks. Siya ay . . . Sa palagay ko'y iniwan niya si Kapatid na Ruby noong may sakit ito. At siya

na sumusunod sa may likuran ko, napansin ko ang mukha niya, mapula. Lumingon ako. Naisip ko na baka medyo mahirap para sa kanya ang pag-akyat, kaya medyo binagalan ko. Doon mismo sa mga disyerto na 'yon, doon mismo sa ibabaw ng mga burol na gaya *niyaon*, doon mismo kung saan nagpakita ang Mga Anghel ng Panginoon. Patungo kami sa direksyong 'yon noon, kung saan sila nagpakita noon ilang buwan bago 'yon.

¹⁰⁶ At habang paakyat ako sa burol, ang Espiritu ng Diyos. . . Nang lumingon ako, tumanaw sa ituktok ng bundok, sabi Niya, “Damputin mo iyang bato, at sabihin sa kanya, ‘GANITO ANG SABI NG PANGINOON, makikita mo ang Kaluwalhatian ng Diyos sa mga susunod na ilang oras.’”

¹⁰⁷ Basta dinampot ko lang ang bato, at sinabi, “Kapatid na Banks, hindi ko alam kung bakit,” inihagis ito sa hangin, at sinabi ko, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON, makikita mo ang Kaluwalhatian ng Diyos.”

Sabi niya, “Si Ruby ba ang ibig sabihin niyan?”

¹⁰⁸ Sabi ko, “Hindi, sa palagay ko’y wala itong anumang kinalaman sa inyo, Banks o Ruby, ni isa man. Sa palagay ko lang ay sinasabi lamang nitong, ‘GANITO ANG SABI NG PANGINOON, may bagay na magaganap.’”

¹⁰⁹ At kinaumagahan nang kami ay naroroon noon, marami sa mga kalalakihan, hindi ko alam kung ilan kaya ang nakaupo dito ngayon, mayroong labindalawa o labing-apat, labinlima sa amin na nakaupo doon. Bigla na lamang, isang ministro ang lumapit sa akin at sinabi niya, “Kapatid na Branham,” sinabi niya, “ang pangalan ko’y *Ganito-at-ganyan*.” Sabi, “Isa ako noon sa iyong mga tagapagtaguyod sa California.”

¹¹⁰ Sabi ko, “Ikinagagalak kong makilala ka, ginoo.” Si Douglas McHughes. Sabi niya, “Ako’y. . .” Sabi ko, “Ikinagagalak kong makilala ka.” Nakipagkamayan sa kanya.

¹¹¹ Sabi niya, “Buweno, ngayon, nais kong magtanong sa iyo.” Sabi. . . Si Roy Roberson, isang katiwala dito; sina Kapatid na Woods, Terry at Billy, at, oh, si Kapatid na McAnally, at hindi ko alam kung sino pa lahat ang nakatayo noon doon. At ako. . . Sabi niya, “May gusto akong itanong sa iyo.” Sabi niya, “Nagbibigay ba sa iyo ng mga pangitain ang Panginoon sa labas na gaya nito?”

¹¹² Sabi ko, “Oo, kapatid, ngunit nagpupunta ako rito para tila ba makaiwas rito, para makapagpahinga.”

At lumingon ako sa paligid gaya *nito*, at nakita ko ang isang matabang doktor na sinusuri siya, sabi, “Rev. McHughes, itong allergy sa mata mo ay malapit nang bulagin ang iyong mata. Dalawang taon na kitang ginagamot, at wala na akong magagawa pa tungkol dito.”

At bumaling ako sa kanya. Sinabi ko, “Kaya itinanong mo ’yan sa akin, ay sinabi kasi sa iyo ng doktor mo, noong isang araw, ‘Ang allergy na iyan ay nasa iyong mata.’” Katanghalian na noon, mga alas-onse, at nakasuot siya ng pang-araw na salamin sa mata. Sabi ko, “Ang dahilan; hindi mo isinusuot ’yan dahil sa araw, dahil ito sa iyong mata. Sinabi niya sa iyo na ‘mawawala ’yang paningin mo.’”

At nagsimula siyang umiyak, sabi, “Tama ’yon.”

113 Umikot ako para maglakad muli, hawak-hawak ang pala sa kamay ko. (At tumingin ako; nakita ko siyang nakatayo roon na nakatingin sa akin, maningning ang kanyang mata.) Sabi ko, “Ngunit GANITO ANG SABI NG PANGINOON, hindi mawawala sa iyo ang matang iyan.” Kasama ko siyang nangangaso nitong huling taglagas, higit pa siyang nakakakita nang maayos kaysa sa akin at sino man sa mga kasamahan. Hindi na siya . . .

114 At nakita ko ang isang matandang babae na nagbaba ng kanyang mahabang medyas at itinaas ang gilid ng kanyang palda. Sabi niya, “Anak, kung makikita mo si Kapatid na Branham, sabihin mo sa kanyang ipanalangin ang mga paa ko.” At tumingin ako doon sa ibaba, at may maliliit . . . tila mga tumor na nakalawit sa kanyang mga paa, sa buong paligid nito.

115 Sabi ko, “Ang iyong ina ay babaeng maputi na ang buhok. ‘Anak ko,’ nakita mo. Sinabi niya sa iyo bago ka umalis, na kung makita mo ako, na ipapanalangin sa akin ang kanyang mga paa. Mayroon siyang maliliit na mga tumor, na para bang, nakalawit sa buong palibot ng kanyang paa.” Para bang halos himatayin na siya.

Sabi niya, “Iyan ang katotohanan.”

Sabi ko, “Sabihin mo sa kanyang huwag nang mag-alala. Magiging maayos lang ang lahat.”

116 Nagsimula akong maglakad-lakad. Pagkatapos ay narinig ko ang Tinig ng Diyos na nangusap, sabi, “Tumabi ka, dali.”

Nakatayo roon si Roy Roberson, na alam kong isa siyang beterano sa digmaan, ipinatong ko ang aking kamay sa kanyang balikat, sabi ko, “Kapatid na Roy, magtago ka, sa bilis na magagawa mo!”

Sabi, “Ano’ng nangyayari?”

Sabi ko, “Tumabi ka! Magtago!”

117 At nagsimula lamang na maglakad-lakad, ibinaba ko na ang pala ko, tumalikod, inalis ang aking sombrero. At heto na Siyang dumarating, ang Kaluwalhatian ng Diyos na bumababa sa isang ipuipo na tinagpas ang gilid ng bundok nang ganyan, at pinasabog at niyanig ang naturang lugar nang ganyan, pinutol ang itaas ng mga mabababang puno; na mga tatlo o apat, limang talampakan lamang ang taas sa ulo ko. At bumalik paitaas na

gaya ng isang imbudo nang ganyan; muli Itong nagpasabog. At, heto Itong dumarating, nang tatlong beses.

¹¹⁸ Pagkatapos nang umalis Ito, nang ikatlong beses, lumapit si Kapatid na Banks, sabi, “Iyon ba’yung sinasabi mo?”

Sabi ko, “Oo.”

Sabi, “Ano ba’yun?”

¹¹⁹ Sabi ko, “Nagpapakita ang Diyos sa pamamagitan ng mga ipuipo.” Hindi ko alam kung nais ba Niyang sabihin ko sa mga tao o hindi.

¹²⁰ Pagkatapos nagpatuloy ako at nanalangin sandali. Tapos sinabi Niya sa akin na maaari kong sabihin sa kanila. Sabi ko, “Ito’y paghatol na tatama sa Kanlurang Baybayin.” Tingnan n’yo siya ngayon! Tingnan n’yo kung ano ang nangyari ilang oras matapos’yon: lumubog ang Alaska. At ngayon ang buong bagay ay papalubog na. Pumapasok na tayo sa paghuhukom. Ang biyaya ay tinanggihan na.

¹²¹ Ngunit salamat sa Diyos, mayroon tayong nakatagong Pagkain, espirituwal na Pagkain, na tayo’y nabubuhay sa kabutihan at biyaya ng kapahayagan ni Jesus Cristo sa huling mga araw na ito, pinatotohangan ang Kanyang Sarili sa gitna ng Kanyang mga tao. Amen! Nagsipasok sila. Nakapasok na si Elias bago pa dumating ang tagtuyot. Salamat sa Diyos na nakapasok na bago pa dumating ang paghatol. Ngayon na ang oras ng paglabas at pagpasok, ang paglabas sa mga organisasyong iyan at pagpasok kay Cristo, isang paglabas at pagpasok na panahon para sa lahat ng mga tunay na mananampalataya.

¹²² Pagkatapos siya ay tinawag, at nanatili roon. Alalahanin, hindi niya nilisan ang batis na iyon hanggang sa tawagin muna siya ng Diyos.

¹²³ At pagkaraan na halos patapos na ang tagtuyot, Kanyang pinalabas siya mula roon, isinugo sa bahay ng isang balo. Pansinin, tinawag Niya ang babaeng balo na ito. At hindi isinama nitong balo ang kanyang sarili sa mga di-mananampalataya; na tinanggap ang tatak ng hayop noong panahon ng tagtuyot. Kaya tinawag Niya siya palabas upang. . . tinawag si Elias upang pakanin itong balo. Mayroon na lamang silang isang munting tinapay, isang kakapirasong bagay na pinakakatabi-tabi niya. At sinabi ni Elias, “Ibigay mo sa akin ’yan, muna. Sapagkat, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ang tapayan na iyan ay hindi mauubusan ni ang banga ay matutuyo, hanggang sa araw na magpaulan ang Panginoong Diyos sa ibabaw ng lupa.” Inuuna muna ang Diyos, ang Kanyang Salita muna!

¹²⁴ Pansinin, mayroong harina sa tapayan. Sa tuwing magtutungo siya upang kumuha ng harina, mayroong harina sa tapayan. Mayroong langis sa banga, sa tuwing kukuhanan

niya ito. Bakit? Ang harina ay kumakatawan kay Cristo sa haing-tinapay. Kailangang nakaayos nang sadyang tama ang mga gilingan, upang magiling ang bawat isa sa mga 'yon. Bawat pagkakagiling ng harinang ito ay magkaparehong-magkapareho, nagpapakita na Siya ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Iyon ang Salita, ang Tinapay ng Buhay na sinusundan ang mensahe, upang patotohanan ang Salita.

¹²⁵ Ganoon din ito ngayon, mga kaibigan. Ganoon din ito ngayon, na ang Tinapay ng Buhay na kinakain ng mga anak, ay sinusundan ang Mensahe ng Diyos, upang pakainin sila sa panahon ng tagtuyot. Paano kaya kung tumayo Siya sa ating presensiya sa araw na ito? Paano kaya kung tumayo Siya sa ating presensiya ngayon mismo? Kikilos Siya at gagawin ang sadyang eksakto gaya ng Kanyang ginawa noong mga araw nang nasa laman pa Siya dito sa lupa. Ang Nobya ay bahagi ng Asawang Lalaki, ang Iglesya ay gaya rin naman ni Cristo. "Ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo." At ang Salita ang siyang gumawa niyon. Sinabi Niya sa atin na ang mga bagay na Kanyang ginawa ay gagawin din naman natin.

¹²⁶ Mapapansin nating muli rito, na kung nasa atin ang Salita at dumating na sa atin, gaya ng ginawa Nito kay Elias noong panahong 'yon, gagawin Nito ang gayun ding bagay na ginawa niya, kakain siya sa mga lihim na Bagay ng Diyos na ikinubli sa sanlibutan. Oh! Muli, ginagawa nitong iisa ang Mensahe at ang mensahero. Nakahanda na ang espirituwal na Pagkain, at nasa takdang panahon na Ito ngayon. At ang bawat isa sa inyo ay maaaring magkaroon ng Pagkaing ito kung ninanasa ninyo Ito, kung handa kayong takasan ang lahat ng kawalan ng pananampalataya ng panahon na ito, kung handa kayong pumasok kay Cristo, pumasok sa Kanyang pangako.

At alalahanin ang Kanyang mga pangako, sa Malakias 4, Lucas 17:30, gayun din sa San Juan 14:12, at ilan pang Mga Kasulatan, sa pagsasabi, Joel 2:38, at lahat ng Kanyang gagawin, o 2:28, pala, kung ano ang Kanyang gagawin sa huling mga araw na ito. At kung paano sinabi ng propeta na Magliliwanag dito sa huling mga araw na ito, kung paano Ito gagawa, kung ano ang gagawin Nito, lahat ng Mga Kasulatan ay nakaturo dito sa huling mga araw na ito. At iyan si Cristo! Kung makapagtatago kayo Diyan ngayon, diyan sa lihim na Dako na iyan, makakakain kayo at makikita n'yo ang kabutihan at habag ng Diyos. Kung may sakit kayo, mayroong kagalingan doon.

¹²⁷ Alalahanin ninyo noong si Eliseo, kalaunan, ay tumawag ng...Pagkatapos na nagkaroon siya niyaong haing-tinapay, si Cristo, at napakain ang sambahayan ng naturang balo sa pamamagitan Nito. Pansinin nang maglaon nang tawagin niya ang apoy pababa mula sa kalangitan, at iba pa, at pinatunayan

ang kanyang pagkasugo, bilang sa Diyos, ang Espiritu ng propeta.

¹²⁸ Pansinin ninyo sa ilang, nang siya ay nakahiga doon sa ilalim ng punong enebro, isang Anghel ang bumaba na may dalang gayon ding uri ng harina, at nagluto ng ilang tinapay at pinakain siya. At pagkatapos maya-maya pa ay pinatulog Niya siyang muli, at ginising siya, at mayroon pa siyang ilang pagkaing tinapay na niluto doon para sa kanya. At yumaon siya sa lakas ng mga tinapay na iyon sa loob ng apatnapung araw. Luwalhati sa Diyos! Siya ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Oh, gaano natin Siya iniibig, ang espirituwal na Pagkain sa kapanahunan Nito!

¹²⁹ “Hindi marapat na kunin ang tinapay ng mga anak at ibigay ito sa mga aso.” Hindi ba’t sinabi rin iyon ni Jesus sa babaeng Sirofenisa? Isinugo Siya para sa Sariling Kanya. Tama nga iyan. At sila ang Kanyang pinuntahan. . . Hindi Siya kailanman nagpunta sa mga Gentil.

¹³⁰ At ngayon sa araw na ito’y Kanyang dinadalaw ang mga Gentil sa kanilang panahon, at hindi ito marapat. . .

¹³¹ Sasabihin ninyo, “Bakit ba hindi nagtutungo ang Mensahe dito sa mga naglalakihang mga lugar na ito, sa mga naglalakihang mga krusadang ito, gaya ng ginagawa sa gitna ng mga denominasyon?”

¹³² Hindi nila ito Pagkain. Hindi ito sa iglesya, na mga tinagurian, na Pagkain. Ito’y ang Pagkain ng Nobya. Ito’y ang espirituwal na Pagkain na napapanahon. Pasasakitin Nito ang kanilang mga tiyan. Lubha Itong mayaman para sa kanila. Kita n’yo? Kita n’yo? Kayo—kayo—hindi ninyo ito magagawa. Ngunit, para sa mga anak, Ito’y Tinapay, Ito’y Buhay, Ito’y si Jesus Cristo na siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

¹³³ Gagabihin na tayo masyado kung hindi pa natin sisimulan ang linya ng pagpapanalangin ngayon, kaya iyukod natin ang ating mga ulo sandali.

¹³⁴ Minamahal na Diyos, Pagkain sa takdang panahon, espirituwal na Pagkain. Isang bagay na walang nalalamang anuman ang sanlibutan. Kung paanong naririnig naming sinasabi ng Panginoon nang gabing iyon, o nang araw na iyon doon sa Samaria, na siya ring lugar na nilakaran ni Eliseo at sinabi, “Aba, hindi bababa ang hamog hanggang sa tawagin ko na ito.” Narito’t tumayo si Jesus doon na nagsasabi sa Kanyang mga alagad.

Sabi, “Guro, bakit hindi Ka kumain?”

Sinabi Niya, “Mayroon Akong Pagkain na hindi ninyo nalalaman.”

¹³⁵ Tunay nga po, Panginoon, na ang Pagkain Niya ay ang gawin ang kalooban ng Diyos, upang makita ang mga gawa ng Diyos

na mahayag sa Kanyang oras. Naroon Siya upang tiyakin na magaganap ito, “Wala Akong ginagawa malibang ipakita muna sa Akin ng Ama. Kung ano ang ipinapakita ng Ama, Iyon ang ginagawa Ko.”

¹³⁶ At, Ama, gayon din nga sa panahong ito. Ang Iglesya, ang tunay na mananampalataya, ang Katawan ng mga mananampalataya, ay may makukuhang Pagkain, espirituwal na Pagkain, na walang nalalamang anuman ang mga naturingan lamang. Walang nalalamang anuman ang sanlibutan tungkol sa Pagkaing ito, Ama. Ngunit ang Iyong Iglesya, ang Iyong bayan, ang Nobya ng Iyong Anak, ay gustong-gusto Ito.

¹³⁷ Mayroon kaming patutunguhan para sa kagalingan ng aming mga katawan kung nabigo na ang mga doktor. Mayroon kaming patutunguhan para dito. Isa ito sa mga Pagkain ng Diyos, na Kanyang ibinigay sa Kanyang Iglesya, at ipinangako ito sa mga huling araw sa Kanyang mga sumasampalatayang anak. Ama, tulungan kami na maging mga anak na sumasampalataya, sapagkat lahat ng bagay ay posible sa mga mananampalataya. Ipagkaloob po ito, Minamahal na Diyos. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

¹³⁸ Sa palagay ko sinabi sa akin ni Billy na namigay sila ng ilang mga prayer card. Kung may magsasabi sa akin ng titik na nakalagay sa prayer card, 'yon lamang ang nais ko. [May nagsasabi, “C.”—Pat.] C, buweno, kunin natin ang C, isa, magsimula, hanggang sa masimulan ko na ang ating linya. Makita, ngayon, sila'y maaaring nasa lahat ng dako. Ngayon, kung ang lahat . . .Buweno, kita n'yo, susubukan kong gawin ito. Hindi ko alam kung magagawa natin ito o hindi. O bagkus magkaroon na lang tayo ng sunud-sunod na pagtawag; manatili lang kayong nakaupo. Wala itong anuman sa akin. Kung mas gusto ninyong umakyat dito sa entablado, o magkaroon na lang ng sunud-sunod na pagtawag, wala itong anuman, kahit alin lang sa dalawang paraan. Ako'y sadyang umaasa lamang sa Banal na Espiritu. Umaasa ako sa Kanya na papatotohanan Niya ang Salitang ito na akin nang ipinangaral.

¹³⁹ Kapatid na George Wright, nananampalataya ako Rito. Mula nang munting kabataan pa ako, na nagpupunta noon doon sa inyong bahay maraming taon na ang nakararaan, nakikinig ako doon sa matandang ibong whippoorwill na naroroon sa puno, naniniwala pa rin ako sa parehong Mensahe na iyon. Naniniwala ako na Ito'y pareho.

¹⁴⁰ Buweno, nakikita ko na binabakante na nila banda rito para sa isang linya ng pagpapanalangin. Buweno, prayer card C, bilang isa, dalawa, tatlo, apat, lima, ang maunang pumunta at tumayo mismo rito. Kung hindi kayo makatayo, kung itataas lamang ninyo ang inyong mga kamay, ilan sa kanila ang pupunta at bubuhatin kayo. [May isang kumakausap kay Kapatid na

Branham—Pat.] Ano iyon? Oo. Uh-huh. Prayer card C, isa, dalawa, tatlo, apat, lima. At ngayon pansinin, kayo na walang prayer card. . .

¹⁴¹ Ngayon, hindi pa ako nagkaroon ng ganitong klase ng linya ng pagpapanalangin sa matagal, na matagal nang panahon. Ilan ang nakakaalala sa naturang atas sa akin noong itayo natin itong tabernakulo rito? Sabi, “Gampanan mo ang gawain ng isang ebanghelista.” Hindi sinabing ebanghelista ako. Sabi, “Gampanan mo ang gawain ng isang ebanghelista,” kita n’yo, “sapagkat darating ang oras na babaguhin iyon.” Dumarating na ang oras na iyon. Buweno. Ngayon, dito, Siya. . .

¹⁴² Hindi mo maaaring paghaluin nang sama-sama ang dalawa o tatlong magkakaibang ministeryo, pastor at ang humayo, nang sabay. Hindi ka maaaring maging isang—isang propeta at marahil ay isang pastor, nang sabay, kita n’yo, pagka’t mayroon kang magkaibang mga gampanin, magkaibang ministeryo.

¹⁴³ Ngunit ibinigay sa akin ng Panginoon kung ano ang dapat kong gawin sa aking Mensahe. Ngunit gayunma’y sinabi Niya, “Gampanan mo ang gawain ng isang ebanghelista, ganapin mong lubos ang iyong ministeryo, sapagkat darating ang panahon na hindi na nila matitiis ang wastong Aral.” Kung hindi pa iyan dumating na ngayon! Tinanggihian na ako ng bawat iglesyang denominasyon. Hindi na nila matiis ang wastong Aral. “Kundi ayon sa kanilang sariling masasamang pita ay ipapasok nila ang sarili nilang mga guro, at ibabaling sila sa mga katha. At magsisigawa sila ng mga dakilang bagay na kahanga-hanga gaya nina Jambres at Jannes na nagsilaban kay Moises, ngunit mahahayag ang kanilang kahangalan.” Kita n’yo? Kita n’yo? Buweno, mga panggagaya! Nakita ninyo kung paanong si Jambres. . .

¹⁴⁴ At, alam ng Diyos sa Langit, na nakalagay iyon doon mismo sa panulukang bato ng tabernakulo mula noong 1933, nakasulat sa isang pahina ng Biblia, nakalagay mismo doon. Tingnan kung paanong nagawa na nila ito. Tingnan kung ano na ang naganap. Mga panggagaya, talagang eksakto. Sabi, “Hayaan lamang sila, mahahayag din naman ang kanilang kahangalan sa gayunding paraan na kagaya kina Jambres at Jannes.” Narito na tayo sa araw na ’yan.

¹⁴⁵ Nakita ko noon ang iglesya nang inilalagay pa lamang namin ang panulukang bato, naroroon na ang mga tao sa pasimano at sa buong paligid, nakatayo sa palibot ng mga pader ng tabernakulo. Hayun na. Sabi nila, nang maitayo ito, ’yung mga tao ng lungsod na ito, nagsabi, “Sa loob ng anim na buwan. . .” Kami na may isang dolyar at walumpung sentimo para makapagpatayo ng isang tabernakulo, marami sa mga magtatalyer ang nagpasya na noon na magiging talyer nila ito. Ngunit nananatili pa rin itong tahanan ng tupa para sa mga Tupa ng Diyos.

¹⁴⁶ Isa, dalawa, tatlo, lima, anim, pito, walo, siyam, sampu. C, anim, pito, walo, siyam, sampu. Sige.

¹⁴⁷ Ngayon, “Akong Panginoon ang nagtanim nito, Akin itong didiligan araw at gabi’t baka may umagaw nito sa Aking kamay.” Tingnan n’yo ang pamumuna! Walang denominasyon para umalalay Dito. Walang mga iglesyang katulad Nito sa buong lalawigan dito. Walang Pentecostal sa lalawigan, walang ano pa man na susuporta Nito. Ang lahat na ay laban sa bautismo sa tubig, ang lahat na ay laban sa lahat ng iba pang mga bagay na ito. Maging sa sarili kong pamilya, ang sarili kong tatay ay ipinagtabuyan ako noon sa pintuan, inilagay ko ang mga damit ko sa isang maliit na supot na papel at umalis at tumira sa New Albany. Tama.

Ngunit marami nang panganib, paghihirap at
mga patibong,
Ang aking napagdaanan;
Biyaya ang ligtas na naghatid sa akin nang
ganito kalayo,

Limampu’t anim na taong gulang na ako, at hindi magtatagal ay kakailanganin ko nang tawirin ang ilog.

Biyaya ang patuloy na magdadala sa akin.

Kung ako’y naroon na ng sampung libong taon,
Maliwanag na sumisikat tulad ng araw;
Di na tayo kukulangin ng mga araw upang
umawit ng papuri sa Diyos
Kaysa nang tayo’y unang magsimula.

Oh, gaano ko iniibig si Jesus! Siya ang lahat sa buhay ko!

¹⁴⁸ Oh, buweno, gaano karami na ba ang aking... Saan na ba ako tumigil, sa sampu? Maaari pa ba tayong magdagdag pa? Sige. Ano nga ba ’yon, sampu, labinlima? Sige. C, sampu hanggang labinlima, nasaan ka man, kung makatatayo ka at makapupunta. Ano’ng sabi? Huh? Buweno. C, labinlima hanggang dalawampu, kung ganoon. Maging C iyon, labinlima hanggang dalawampu. ’Yon ay bale sampu pang tao. Nakikita natin... Nakikita ninyo—nakikita n’yo na kung saan na nandoon ang pila, ayaw natin silang—hayaang magsiksikan sila. At ating... Buweno.

¹⁴⁹ Ngayon ibigay n’yo sa akin ang buo ninyong pansin; hindi na tayo magtatagal. Pero, ngayon, oh, anong oras, anong sandali! Ako—hangad kong magawang mahalín ng bawat isa ang Panginoon. Ako—hangad ko na lahat tayo’y makarating sa puntong iyon na mapagtanto ang potensiyal ng sandaling ito. Subukan natin ito. Ibigay n’yo lang sa akin ang inyong pansin.

¹⁵⁰ Ano—ano ba ang sinisikap nating gawin dito? Inilagay natin ang Salita ng Diyos sa isang pagsusulit. Ginawa rin ni Elias ang gayun ding bagay, umakyat sa ibabaw ng bundok matapos

niyang malaman na isinugo siya ng Diyos upang gawin iyon. Sabi niya, “Ngayon patunayan natin kung sino nga ang Diyos, hayaang ang Diyos na sumagot sa pamamagitan ng apoy ang siyang maging Diyos.”

¹⁵¹ At sumabad ang mga pagano, oh, sabi, “Buweno, tiyak, hindi . . .” Ang—alam ng mga pagano na hindi bababa ang apoy, kaya nagsisihyaw sila noon at kung anu-anong pinaggagagawa.

¹⁵² Ngunit alam ni Elias na bababa ito, sapagkat nagkaroon na siya ng isang pangitain mula sa Panginoon.

Sasabihin ninyo, “Nagkaroon siya ng pangitain?”

¹⁵³ Siyanga, po! Nang mailagay na niya sa ayos ang lahat, sinabi niya, “Panginoon, ginawa ko na po ang lahat ng mga ito ayon sa utos Mo.” At pagkatapos ay nagsimula nang bumagsak ang apoy. Kapag ang Salita ng Diyos ay ganap na sinusunod, kung magkagayo’y tungkulin na ng Diyos na isagawa ang lahat ng iba pa nito. Hinihiling lamang Niya sa iyo na ilatag ito doon. At tiyakin na tinawag ka nga upang ilatag ito doon. Kita n’yo? At kung ikaw nga, Siya na ang bahala sa lahat ng iba pa nito.

¹⁵⁴ Ngayon, dito ay mga tao na magbubuhay sa pilang ito na aking ipananalangin . . . Ngayon, buweno, halos nariyan na kayo ngayon sa may pader, sige, sa pila na para makapag-umpisa na. Ngayon, una, kahit paano sa isang dako rito sa gusali, ang ilang mga tao . . .

Ilan sa mga narito ang may sakit at walang prayer card, itaas ang inyong kamay. Kita n’yo, sadyang sa lahat ng dako. Ngayon, alam ninyo na kung ang ating Panginoon . . . At naniniwala ako na gagawin nga Niya, kung Siya ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Nagsasagawa Siya ng mga linya ng pagpapanalangin. Dumudulog sa Kanya ang mga tao sa napakahahabang mga pila, ng dagsa-dagsang mga tao, hinipo Niya sila, pinagpala sila. Pagkatapos huminto Siya minsan at nagsabi, “Sino ang humipo sa Akin?” Tumingin sa paligid, sinabi sa babae kung para saan niya Siya hinipo; at sinabi na ang pag-agas ng kanyang dugo ay wala na, na pinagaling na siya ng kanyang pananampalataya.

¹⁵⁵ Ano kaya kung lumingon siya at sinabi, “Buweno, hindi ko po alam, Panginoon, matagal na panahon na akong mayroon nito”? Hindi sana iyon naganap. Hindi, hindi sana iyon naganap. Hindi.

¹⁵⁶ Ano kaya kung Kanyang sinabi sa babaeng Sirofenisa, “Dahil dito sa salitang sinabi mo, ang iyong anak na babae, lumayas na sa kanya ang demonyo,” ano kaya kung ang sinabi ay, “Buweno, ngayon, Panginoon, ako—nais ko na Iyong gawin ito sa *ganitong* paraan”? Ang—ang demonyo sana ay naroon pa rin sa batang babae. Ngunit inasahan niya na madaratnan ang kanyang anak sa paraan na Kanyang sinabi na madaratnan nga niya ito.

157 Ngayon, sinabi Niya sa atin na, “Kung kaya mong sampalatayanan! Kung masasabi mo sa bundok na ito, ‘Malipat ka,’ at hindi mag-alinlangan sa iyong puso, kundi manampalataya na mangyayari ang sinabi mo, makakamit mo ito. Kapag ikaw ay nananalangin, sampalatayanan mo na tinanggap mo na ito, ito nga’y ipagkakaloob sa iyo.” Napakadakilang pangako!

158 Ngayon ang tao na nangangaral ng ebanghelyong panlipunan ay hindi man lang pinaniniwalaan iyan. Lalapit siya sa pintuan, titingin sa loob, o tatayo diyan, at sasabihin, “Buweno, isa lamang itong pulutong ng mga holy roller,” at aalis na. Kita n’yo? Pero hindi niya alam na ito ang itinagong Pagkain. Hindi niya alam na ito ang lihim na Bagay na itinago sa kanya. Hindi niya ito alam. Ito’y—ito’y—ito’y kahabag-habag, isang isipan na hubad, maralita, bulag, at hindi ito nalalaman. Kita n’yo? Hindi iyan maganda.

159 O Diyos, hayaan muna akong mamatay, ngunit huwag hayaang maging ganoon ako. Mas gugustuhin ko pang mamatay (siyanga, po) kaysa gawin ’yon. Sa palagay ko’y bawat isa sa atin ay gugustuhin ’yon, hindi ba? [Sinababi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

160 Ngunit, ngayon, ipinangako sa atin ng Diyos ang mga bagay na ito sa mga huling araw. Sa Malakias 4, sinabi na si Jesus Cristo ay bababa at ihahayag ang Kanyang Sarili sa katawang-tao katulad ng ginawa Niya noon sa Sodoma. Tama ’yan. At sinabing ang sanlibutan ay magiging mala-Sodoma ang kalagayan. At sinabi, “Kung paano ito noon, ang Anak ng tao ay mahahayag sa araw na yaon.” Kita n’yo, itong Lalaki na bumaba sa anyo ng isang tao, na siyang si “Elohim,” kay Abraham, bago dumating itong ipinangakong anak na lalaki. Tingnan kung ano ’yon, sinabi ni Abraham na ang Diyos iyon. At sinabi ng Biblia na may tatlong tao na pumaroon sa kanya, may alikabok pa sa kanilang mga damit, sa paglalakbay, naupo at nagsikain na parang mga tao. At sinabi ni Jesus, “Sa panahon na ang sanlibutan ay nagiging nasa mala-Sodomang kalagayan na, kung magkagayo’y muling ihahayag ng Anak ng tao ang Kanyang Sarili,” hindi na Anak ng Diyos. Anak ng tao, kita n’yo, ihahayag ang Kanyang Sarili.

161 Ngayon tandaan iyan sa kung ano ang sinabi ng naturang huling propeta, “Narito Aking susuguin sa inyo si Elias na propeta, at kanyang papagbabaliking-loob ang—ang puso ng mga anak sa mga magulang.” Kita n’yo? Isang Mensahe na magdadala sa kanila pabalik sa Biblia, at ihahayag ng Anak ng tao ang Kanyang Sarili sa araw na iyon. At sa araw na iyon ng pagtunog ng huling kapanahunan ng iglesia, ng ikapitong anghel, ang mga hiwaga ng Diyos ay mahahayag na sa araw na iyon. Ang Pitong Tatak ay makakalag na. Ang mga hiwaga ng lahat nitong mga iglesia at mga ganung bagay, kung paano sila

naganap, at kung ano ang nang- . . .kung paano, kung ano ang nangyari.

¹⁶² Kita n'yo, hindi nila Ito alam. Sinabi ni Jesus, “Kayong mga bulag na Fariseo!” Sabi, “Kung ang bulag ay umaakay sa bulag, hindi ba kapuwa sila mangahuhulog sa hukay?” Kita n'yo, iyan ang dahilan kung bakit hindi Iyan nakikita ng mga taong iyon.

¹⁶³ Ang hiwaga Nito, ay, ang Mga Tatak na iyon, bawat isa sa mga iglesyang iyon ay gumawa ng organisasyon at pumasok doon, at isa iyan sa mga lihim na bagay na mali na noon pa sa harapan ng Diyos. Nakita mo 'yon, Doktor Lee? Kita n'yo, tingnan. Ito nga. Iyan ang bagay diyan mismo. Iyan ang isa sa mga lihim. Nag-organisa sila at, kita n'yo, at lubos nang nawala sa kaaloban ng Diyos. At ihahayag iyan sa mga huling araw, at aakayin ang mga tao, hindi tungo sa isang kredo o isang denominasyon, kundi pabalik sa totoong Salita. At ang totoong Salita ay darating sa isang pangkat ng mga tao, at ihahayag ng Anak ng tao ang Kanyang Sarili sa kanilang kalagitnaan, “ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.”

¹⁶⁴ Oh, naku! Oh, gusto ko 'yan! Gusto ko—gusto ko Siyang ipinagmamalaki. Gusto ko na—na gawin Siyang malaki sa harap ng mga tao. Hindi ko naman na Siya kailangang gawing malaki; malaki na Siya. Napakataas Niya na hindi ninyo Siya kayang malampanan, napakalalim na hindi ninyo kayang mas pumailalim pa sa Kanya, napakalawak na hindi ninyo Siya kayang palibutan, at gayunma'y mayroon kayong lugar sa inyong puso para sa Kanya. Maaari n'yo ba Siyang tanggapin? Kung gaano kamangha-mangha ang ating Panginoon! Buweno.

¹⁶⁵ Ngayon tumahimik lamang tayo nang lubos, bawat isa. Ngayon, napag-usapan na natin ang tungkol Dito. At ngayon ang bagay naman patungkol dito, ay, totoo nga ba Ito? Ngayon, maaaring may ilang mga estranghero dito. Maaari kong sabihing kung . . .sa inyo, kung si Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, ano kaya ang Kanyang gagawin sa sandaling ito? Gagawin Niya ang gayun ding bagay na Kanyang ginawa nang naririto pa Siya noon. Tama ba? Mahihipo ng pananampalataya ng mga tao ang Kanyang damit, at lilington Siya. Gaya ng ginawa Niya sa babae sa balon, at ginawa Niya sa iba pang mga lugar, at Kanyang natalastas ang kanilang iniisip.

Ngayon, sasabihin mo, “Kaya ba Niya akong pagalingin?”

¹⁶⁶ Sinabi ng Kanyang Salita na ginawa na Niya iyon. Ngunit ang dahilan nito, ay upang ihayag ang Kanyang Sarili na naririto Siya.

¹⁶⁷ Ngayon, kung nagpakita Siya sa atin sa katawang pisikal, na kamukha mismo ng iginuhit ni Hofmann na *Ulo ni Cristo sa edad na Tatumpu't tatlo*, at tumutulo ang dugo mula sa Kanyang kamay, at iba pa, na may mga pilat ng pagkapako sa Kanyang kabuuan, hindi ko 'yon tatanggapin. Hindi, hindi. Hindi, hindi.

Kapag dumating Siya, Mismo, “Makikita Siya ng bawat mata, ipahahayag Siya ng bawat dila; at gaya ng kidlat na kumikidlat mula sa Silangan patungo sa Kanluran, ay magiging gayun ito.” Kita n’yo? Hindi tayo naniniwala dito sa mga kulto at mga grupo-grupo. Naniniwala tayo na ang Diyos ay ang Salita.

¹⁶⁸ Ngunit ipinananahan Niya ang Kanyang Sarili, ginagamit ang inyong katawan at ang aking katawan, at binibigyan kayo ng mga kaloob, binibigyan ako ng mga kaloob, at sa pamamagitan ng mga kaloob na ito ay inihahayag Niya ang Kanyang Sarili. Iyan ang lihim na Pagkain. Gaano man Niya inihahayag ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ko, kailangan ninyo Itong sampalatayanan, kailangan ninyong magkaroon ng kaloob ng pananampalataya, rin, upang masampalatayanan Ito. Naniniwala ba kayo diyan? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] At ngayon kung ipamamalas Niya ang Kanyang Sarili sa ganyang paraan, sasampalatayanan n’yo ba Siya? [“Amen.”] Nang buong puso ninyo, sasampalatayanan n’yo ba Siya? Oh, kung gaano kaganda, naghihintay lamang sa Kanya, naghihintay lamang na makita kung ano ang sasabihin Niya.

¹⁶⁹ Narito ang isang lalaking nakatayo rito. Hindi ko pa siya nakita sa buong buhay ko, sa pagkakaalam ko. Tila ba maayos, malakas, malusog na lalaki, at siya nga marahil, ako—ako—hindi ko alam. Ngunit nakatayo siya diyan. Ngayon, maaari kong patungan ng mga kamay ang taong ’yon at manalangin para sa kanya, tanungin kung mananampalataya ba siya. Maaari siyang tumayo rito at sabihin sa akin, sabihing, “Ako—ako—nais kong manalangin ka para kay *Ganito-at-ganyan*. At mayroon akong—mayroon akong bagsak na mga talampakan. Sumasakit ang ulo ko, palagi. Mayroon akong ulcer sa tiyan ko,” o anumang. Siya—siya, hindi ko alam. Maaari niyang sabihin ang alin man sa mga bagay na ’yon.

¹⁷⁰ Sasabihin ko naman, “Buweno, ginoo, kapatid. Ipatatong ko sa iyo ang aking mga kamay at mananalangin para sa iyo.” Iyon ay talagang ayos lang. Ganyan ang eksaktong ginawa natin sa lahat na ng panahong nagdaan. Tama ba?

¹⁷¹ Ngunit, alalahanin, sinabi ni Jesus na magiging iba ito sadyang sa oras na ng Kanyang Pagparito, gaya ng sa panahon noon ng Sodoma. At ang Lalaki na dumating, ay nakatalikod Siya sa tolda kung saan naroroon si Sarah, at sabi Niya, (hindi na “Abram,” ha) “Abraham.”

¹⁷² Kita n’yo, siya si Abram, nang nakaraang araw. Ngunit nakakita siya ng isang pangitain, at sinabi sa kanya ng Panginoon na, “Babaguhin Ko ang iyong pangalan.”

¹⁷³ At heto ang Panginoon, Mismo, na nasa anyo ng isang tao, kumakain at umiinom na kasama niya. Sabi, “Abraham, saan naroon ang iyong asawa, na si Sarah?” S-a-r . . . r-a-h; hindi S-a-r-r-a.

Sabi niya, “Siya po ay nasa loob ng tolda, sa Iyong likuran.”

¹⁷⁴ Sabi, “Ako ay dadalaw sa iyo, ayon sa Aking pangako dalawampu’t limang taon na ang nakararaan.”

¹⁷⁵ At tila ba tumawa sa sarili niya si Sarah. Sabi Niya, “Tumawa si Sarah sa loob ng tolda ngayun-ngayon lang, na ang sinasabi, ‘Paano mangyayari ang mga bagay na ito?’” Uh-huh. Mayroon bang anomang bagay na napakahirap para sa Diyos? Kita n’yo? Wala kahit ano. Wala, po.

¹⁷⁶ Ngayon sinabi Niya, ipinangako ni Jesus na, “Siya, ang Anak ng tao,” na siyang Salita, (nananampalataya ba kayo diyan?) “ay darating sa mga huling araw at ihahayag ang Kanyang Sarili sa panahon na ang sanlibutan ay naging gaya na ng Sodoma’t Gomorra.” Naniniwala ba kayo na tama ’yan?

¹⁷⁷ Bago tayo magkaroon ng isang panalangin, manalangin ang ilan sa inyo riyan at tingnan kung ang Anak ng tao nga ba ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Tanungin lamang kung Siya nga, sabihin, “Panginoon, hindi ako kilala ng tao na ito, ngunit batid ko na Ikaw ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman,” tingnan kung sasabihin nga ba Niya iyon sa inyo.

Siyanga, po. Ngayo’y iangat lamang sandali ang inyong ulo.

¹⁷⁸ Nasa likuran ko ito. Isa itong bata. Nag-aapoy na ito ngayon sa lagnat. Isa itong batang babae. Mula ka sa ibang bayan. May sakit sa tiyan ang naturang bata. Ito nga. Manampalataya lamang.

¹⁷⁹ Ngayon, iyan ba ang sinabi Niya na Kanyang gagawin? Hindi ko pa nakita kailanman ang taong iyon sa buhay ko. Alam iyan ng Diyos sa Langit.

¹⁸⁰ Itong lalaki dito, mukha siyang napakalakas at malusog. Ngunit nakikita n’yo ba diyan ’yung aninong nasa itaas niya? Ibig sabihin niyon, malibang tulungan siya ng Diyos, hindi na siya mananatili rito nang matagal. Mayroon siyang kanser. Nasa бага mo ito.

Ngayon, narito ang Anak ng tao.

Mayroon siyang kabigatan sa kanyang puso para sa isang batang lalaki, isang munting bata. Tama ba? Naniniwala ka bang magagawang sabihin sa akin ng Diyos kung ano ang problema doon sa bata? [Sinabing ng kapatid na lalaki, “Alam kong magagawa Niya.”—Pat.] Magagawa Niya. Mayroon siyang maiiksing mga pagsumpong ng pagkawala ng ulirat na parang isang klase ng epilepsy. Sinumpong na naman siya ng isa nito lang. [“Kaninang umaga.”] Tama nga ’yan, kaninang umaga. At nananampalataya ka bang mabubuhay ka para palakihin ang batang ’yon, at magiging maayos na siya? [“Opo.”]

¹⁸¹ Nasaan si Charlie Cox? Nasaan siya? Charlie, nasaan ka? Akala ko’y narito siya ngayong gabi. Hayun, si Charlie. Gary,

nasaan ka? Larry, nandito ba siya? Nagkaroon din ng ganoon 'yung kanyang anak na batang lalaki, ganoon na ganoon din. Nasaan ka, Larry? Lumapit ka rito sandali. Buweno, nandito ka na. Itong munting bata rito ay nagkaroon din ng ganoon. Napakabuting kaibigan ko ang kanyang ama't ina. Mga taon na ang nagdaan ay nandoon ako, at sinusumpong itong munting bata, basta na lang nawawalan ng ulirat at nahihimatay. Epilepsy iyon. Naramdaman ko iyon sa munting bata, hiniling sa Diyos na pagalingin siya. Hindi na siya nagkaroon pa ni isa mula noon. Iyon ang kanyang ama; nakaupo dito sa isang dako ang kanyang ina; at heto 'yung munting bata, mismo.

¹⁸² Ngayoy sumasampalataya ka na ba, ginoo? (Salamat, Larry.) Nananampalataya ka ba, ginoo? Ipagkaloob nawa ng Diyos ng Langit ang gayun ding bagay sa iyo, at mabuhay ka upang palakihin ang bata. Pagpalain ka ng Diyos.

Manalangin tayo.

¹⁸³ Minamahal na Diyos, tulungan Mo po siya. Dalangin ko na mapasa kanya ang Iyong habag at biyaya at pagpalain siya. Sa Pangalan ni Jesus.

¹⁸⁴ Bumalik ka na sa Louisiana ngayon, na masaya, purihin mo ang Diyos para sa kanya.

¹⁸⁵ Ay, oo, taga-Louisiana siya, tiyak nga, sa bandang Lake Charles. Tama. Kita n'yo, nahuhuli ko ang iniisip n'yo ngayon. Papuri sa Diyos!

¹⁸⁶ Buweno, humihiling ka ng isang—isang mabuting bagay, nais mong magkaanak. Mayroon ka nang mga anak, ilang mga anak, pero gusto mong magkaroon ng isa pa. Ang Diyos ng Langit nawa'y ipagkaloob ito sa iyo, kapatid ko. Halika rito, nais ko lamang magpatong ng mga kamay.

¹⁸⁷ Minamahal na Diyos, ipagkaloob po sa babae ang hangad ng kanyang puso, sapagkat isa itong mabuting layunin. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Ngayoy humayo't magkaroon ng anak.

¹⁸⁸ Ang Diyos ay mabuting Diyos. Naniniwala ba kayo diyan? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Alam Niya ang lahat ng ating pangangailangan. Tinutugunan Niya ang bawat pangangailangan natin kung sinasampalatayanan natin ito. Sabi Niya, "Kung kaya mong sumampalataya!"

¹⁸⁹ Nakamayan na kita sa kung saan man. Hindi ko maalala kung saan iyon, pero nakamayan na kita sa kung saan man. Hindi ko lang talaga maalala, pero basta nasa isang lugar lang tayo, ngayong araw na ito sa isang kung saang lugar, pero hindi ko alam kung saan iyon. Pero hindi 'yon kung saan, kung ano ang ipinarito natin para pag-usapan. Narito ka para sabihin ang tungkol sa, o para manalangin, nais mo akong manalangin para sa ibang tao. Tama 'yan. Wala siya rito. Nasa Georgia siya,

may sakit. Hindi lamang siya may sakit, sa pisikal, kundi may sakit din siya sa espirituwal; ang pinsan mo. Nananampalataya ka ba na ang Diyos na ang bahala rito dahil sa tumayo ka para sa kanya? Talaga nga ba? Halika rito at magkasama tayong manalangin.

¹⁹⁰ Minamahal na Diyos, ipagkaloob Mo po sa lalaking ito ang hangarin ng kanyang puso, na kanyang mapuntahan at masumpungan itong lalaking nananangis sa Diyos. Hinihiling ko ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos. Huwag mag-alinlangan. Manampalataya ka nang buong puso mo.

¹⁹¹ Kumusta ka? Hindi sa hindi ko inabot ang kamay mo para kamayan ka kanina, nang iabot mo ang kamay mo, mayroon akong napanasing isang bagay. Isa itong anino, lubhang madilim at maitim. Iyon ang dahilan. Alam ko na kung nahawakan ko ang kamay mo, malalaman ko ito sa ganoong paraan, kita mo. Ngunit isa itong kanser. Nananampalataya ka bang kaya itong alisin ng Diyos? Ito'y nasa dibdib mo, sa kaliwang bahagi. Nais mong bumalik sa Carolina at purihin ang Panginoon dahil sa gumaling na, hindi ba? Nakita mo kung ano'ng ibig kong sabihin? Manalangin tayo.

¹⁹² Minamahal na Diyos, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang Siyang Isa na narito ngayon; ang mga anak ay nagsisikain ng Tinapay ng Diyos, magalak rin nawa ang batang ito sa pananampalataya, sa Tinapay ng Diyos na Kanyang ipinagkaloob sa kanya ngayon para sa kanyang kagalingan. Humayo nawa siya at gumaling, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Sumampalataya ka nang buong puso mo.

Kumusta ka?

¹⁹³ Hindi ba't ito'y kamangha-manghang sandali? Sadyang waring ang mapitagang pagkamangha ay bumababa sa mga tao. O, marahil ay para bagang ang tunog nito, sa aking pandinig, para bang isang bagay na gumaganito, [Hinihipan ni Kapatid na Branham ang mikropono—Pat.] “Whew!” Sadyang umiingay, parang, “Whew;” parang ganyan, kita n'yo. Ito'y ang Tinapay ng mga anak. Kita n'yo? Sa inyo Ito. Para sa inyo Ito. Hindi Ito para sa akin; Ito'y para sa inyo. Lubos akong nagpapasalamat, mismo sa oras ngayon, hindi ko . . . Ayos lang ako, sa pagkakaalam ko; ngunit Ito'y tinapay para sa akin, din, kapag nangangailangan ako. Ito'y Tinapay para sa inyo. Ito'y pagpapalakas ng loob. Sa inyo na wala namang sakit, sadyang dinadala nito ang ating mga puso sa harapan ng Diyos.

¹⁹⁴ Eksakto nga ito sa panahon, kung ano ang sinabi Niya na Kanyang gagawin, “At kung paano ito sa mga kaarawan ng Sodoma, ay magiging gayon ito sa pagparito ng Anak ng tao, kapag nahayag na ang Anak ng tao.” Kita n'yo? “At, narito,

Aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na kaarawan ng Panginoon. Kanyang papagbabaliking-loob ang mga puso ng mga tao sa Ama.” Kita n’yo? Kita n’yo?

¹⁹⁵ “At yayapakan ng mga matuwid ang—ang masasama, mga abo na.” Magniningas sila na parang pugon, kita n’yo, magiging ganoon ang sanlibutan. Makikita nating magugunaw ito doon. At kakalat ang putik ng bulkan sa buong mundo, at mag-aapoy ang mga langit.

O Bato ng mga Kapanahunan, kahabagan ako ngayon, at sa panahong iyon.

¹⁹⁶ Kumusta ka? Buweno, isang bagay lang, mayroon kang sakit ng babae, sakit na pambabae. Mayroon pang iba. May nerbiyos ka, sa sadyang edad na iyan na nagkakaroon ang tao ng nerbiyos. Lahat na ng uri ng komplikasyon. Ngunit mayroon kang isang hangad, din, ’yan ay ang tanggapin ang Banal na Espiritu. Tama iyan. Iyan ay kung ano ito. Nananampalataya ka ba na ika’y... Naikumpisal mo na ba ang lahat-lahat? Sumasampalataya ka ba na kung ipapatong ko ang aking mga kamay sa iyo at hihilingin sa Diyos na gawin ito, ang Banal na Espiritu ay darating? [Sinasiabi ng kapatid na babae, “Opo.”—Pat.] Sinasampalatayanan mo ba ’yan? [“Opo, ginoo.”] Manalangin tayo.

¹⁹⁷ Minamahal na Diyos, ipinapatong ko ang aking mga kamay sa babaeng ito, sa anyong apostoliko, at hinihiling na tanggapin nawa niya ang bautismo ng Banal na Espiritu. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, tanggapin nawa niya Ito. Amen.

¹⁹⁸ Huwag pag-alinlanganan ito. Ito’y para sa iyo, kita mo. Sa iyo Ito. Ito’y ang—ang Tinapay ng mga anak.

¹⁹⁹ Nagkaroon ka ng isang kakatwang pakiramdam nang sabihin kong, “pambabaeng sakit,” hindi ba? Dahil ’yon ang mayroon ka, rin. Ngayon sumasampalataya ka ba na magiging maayos ka na ngayon? Humayo ka, na sadyang pinasasalamatang ang Panginoon.

²⁰⁰ Kumusta ka? Sumasampalataya ka ba nang buong puso mo? Sumasampalataya ka ba na makakakain ka nang muli gaya ng dati mong ginagawa sa nakaraan nang matagal na panahon? Buweno. Humayo ka, at sabihin, “Salamat sa Iyo, Panginoon. Sinasampalatayanan ko ito.” Ang Presensiya ng Panginoon.

²⁰¹ Sumasampalataya ka ba na lilisanin ka ng sakit sa likod na ’yan at magiging magaling ka na? Buweno. Humayo ka lamang, na sinasabing, “Salamat sa Iyo, minamahal na Diyos,” at ipagkakaloob ito ng Diyos.

²⁰² Sumasampalataya ka ba na maaari kang gumaling, pagagalangin ka ng Panginoon; at hindi na magkakaroon pa ng arthritis, gagaling at lulusog na? Sinasampalatayanan

mo ba iyan? Humayo ka, na pinasasalamatan Siya, sabihin, “Panginoon, tinatanggap ko po ito nang buong puso ko, at sinasampalatayanan ko ito.”

Ano ba ang paniwala ninyong lahat diyan patungkol Dito?

203 Ikaw na nasa banda rito, ipatong mo ang kamay mo diyan sa babaeng nakaupo diyan sa tabi mo, sabihin mo sa kanya na ang kanyang pasma sa ugat at arthritis ay lilisanin na siya. Kapag siya . . . ? . . .

204 Pagpalain ka ng Diyos. Nananampalataya ka ba na magiging maayos ka na ngayon? Umuwi ka na at maging ganun na nga. Pagpalain ka ng Diyos. Humayo ka sa iyong daan, at sabihin, “Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus.”

205 Kumusta po kayo? [Sinasiabi ng kapatid na babae, “Purihin ang Panginoon.”—Pat.] Sumasampalataya ka ba na lilisanin ka na ng naturang pambabaeng sakit, din? [“Sinasiampalatayanan ko.”] At magiging magaling ka na? [“Salamat sa Iyo, Jesus.”] Humayo ka, at sabihin, “Salamat sa Iyo, Panginoon.” [“Salamat sa Iyo, Jesus.”]

206 Kumusta po kayo? [Sinasiabi ng kapatid na babae, “Nahatakan po ng lamad.”—Pat.] Aba, naku, naku! [“Totten.”] Alam ko ang pangalan mo. Ako—dati akong . . . [“Totten.”] noong nagpastor ako sa iglesyang Baptist. [“Totten.”] Totten. [“Della Totten.”] Kapatid na Della Totten. Nagdurusa ka ngayon sa sakit ng likod. [“Oo.”] Magiging maayos na ito, ngayon. Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka Niya? [“Oo.”] Naaalala mo pa ba ang naganap doon sa Milltown Baptist church ilang taon na ang nakararaan? [“Oo, naaalala ko iyon!”] Siya pa rin ang gayun pa ring Diyos sa araw na ito. [“Oh, salamat sa Diyos!”] Pagpalain ka ng Diyos, kapatid ko.

George Wright, nasaan ka? Naaalala mo ba? Naku, kung paano . . .

Sumasampalataya ka ba, na kung ipapatong ko lamang ang aking mga kamay sa iyo, sampu nitong pagkapahid, sumasampalataya ka ba na gagaling ka? Pumarito ka. Sa Pangalan ni Jesus Cristo siya nawa’y gumaling. Amen. Manampalataya!

Buweno, lahat ba kayo’y sumasampalataya nang buong puso n’yo? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

207 Ngayon, talagang ibinabalik nito ang mga lumang alaala, ang makita ang ginang na ’yan! Hindi ko maisip ang pangalan niya, gayun pa man, pero ako . . . [May isang nagsabi, “Totten.”] Totten. Totten, tama ’yan. Ay, oo nga, anak niya si Bertie. Tama nga ’yan. Eksaktong tama nga ’yan. Huwag isiping wala ako sa sarili, ako lamang ay medyo, alam n’yo na, ito’y medyo isang . . . Hindi ko ito kayang ipaliwanag.

208 Ngunit wala na ang sakit mo sa likod, ginang. Humayo ka, purihin mo ang Panginoon, at sabihin, “Salamat sa Iyo, Panginoon.”

209 Sumasampalataya ka ba na magiging maayos na ang iyong sakit sa puso, din? [Sinasabi ng pasyente, “Opo.”—Pat.] Patuloy ka lang, magalak, at sabihin, “Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus,” at sampalatayanan Ito. Buweno. Manampalataya ngayon. Huwag mag-alinlangan.

210 Halika, binibini. Sumasampalataya ka ba nang buong puso mo? Mayroon kang maraming bagay na problema sa iyo. Mayroon kang sakit sa likod, din. Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos? Buweno, patuloy ka lang, na nagagalak. Iyon, Siya iyon na nagpapadama sa iyo nang ganyan. Pasalamat mo ang Panginoon. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid.

211 Kumusta, iho. [Sinasabi ng batang lalaki, “Kumusta po!”—Pat.] Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ng Diyos ang pagkanerbiyoso ng batang ’yan at gawing maayos ito? Sumasampalataya ka ba rito? Buweno. Kumusta, munting kaibigan, hayaang makamayan kita.

212 Minamahal na Diyos, alisin Mo po ang masamang bagay na ’yon sa munting batang lalaking ito, at nawa ay mabuhay siya’t maging normal. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

213 Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Sumasampalataya ka rian, hindi ba? Magiging maayos ka na. Huwag kang mag-alinlangan man lang.

214 Masyado pang bata para magkasakit sa puso. Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos? [Sinasabi ng pasyente, “Opo, ginoo.”—Pat.] Humayo ka, sabihin, “Salamat sa Iyo, Panginoon, sa pagpapagaling Mo po sa akin.”

215 Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ng Diyos ang sakit sa tiyan at gagawin kang maayos na? Humayo ka, magalak, at sabihin, “Salamat sa Iyo, Panginoon.”

216 Diyos pa rin Siya, di ba’t Siya nga? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ang tanging bagay na kailangan n’yo lang gawin ay sumampalataya lamang. Hindi ba’t tama iyon? Sumasampalataya ba kayo sa Anak ng tao sa mga huling araw?

217 May nangyari dito ilang minuto pa lamang ang nakalilipas, at hindi ko magawang... sinisikap kong hanapin kung saan banda ito. May isang taong nagkaroon ng pananampalataya at nagawa ang isang bagay. O, marahil ay matutukoy ko ito sa susunod na Linggo, o kung magawa ko na. Ikaw ba—ikaw... Hayun na naman ito. Itinaas mo ang iyong kamay. Sumasampalataya ka ba na kayang pagalingin ng Diyos iyang sakit sa puso, gawin ka nang maayos, pagalingin ang anak mong

babae doon na may—na may. . . Sumasampalataya ka ba rito? Gng. Neff, sumasampalataya ka ba na ang Diyos. . . Leo Neff. Hindi kita kilala, ngunit 'yon ay kung sino ka. Mayroon kang sakit sa puso, at ang iyong munting anak na babae'y may sakit sa bato. Sumasampalataya ka ba na gagaling siya? Pinagagaling ka na ng iyong pananampalataya. Manampalataya nang buong puso mo.

²¹⁸ Ikaw na nariyan sa may bautismuhan, nakatayo riyon na may sakit sa tiyan, pinagaling ka na ni Jesus Cristo.

²¹⁹ Sumasampalataya ba kayo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Siya'y ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ating ipatong ang ating mga kamay sa ibabaw ng isa't isa ngayon. Oh, isipin ang oras kung saan na tayo naroroon, isipin ang ganung panahon. Isipin na tayo'y nasa mismong Presensiya ni Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos. Ipinangako Niyang gagawin Niya ito sa mga huling araw. Nakapatong ang mga kamay ko sa mga panyong ito.

²²⁰ Minamahal na Diyos, dalangin ko po na Iyong babasbasan ang mga panyong ito sa ikagagaling ng katawan ng mga tao, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo.

²²¹ Ngayon, samantalang ang inyong mga kamay ay nasa isa't isa na, ang bawat isa sa inyo ay mga bahagi ng Katawan ni Cristo. Ang siya ring Espiritu Santo na nangako na ihahayag ang mga lihim ng mga puso at isasagawa ang mga bagay na ito, Siya ay nasa inyo. Bahagi Niya kayo, at Siya ay bahagi ninyo. Ngayon, ganito ang sinabi Niya, "Lalaki ang mga tangand ito sa mga nananampalataya." Kayo 'yun. "Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, ang mga ito'y mangagsisigaling." Ngayon, huwag manalangin para sa inyong sarili, manalangin para sa isa na pinatungan ninyo ng inyong mga kamay, pagka't ipinapanalangin nila kayo. Ngayo'y sama-sama tayong manalangin, at hindi nawa magkaroon ng mahinang tao sa gusaling ito. Bakit pa tayo maghihintay nang matagal, minamahal kong kapatid na lalaki, kapatid na babae, narito na Ito, ang Espiritu Santo, ang Diyos, narito mismo, ang mismong bagay na pinag-usapan natin.

²²² Minamahal na Jesus, aming kinikilala ang Iyong Presensiya. Binuhay Mo pong muli ang munting sanggol na iyon noong isang araw, matapos na ito'y patay na, sa pamamagitan ng panalangin ng pananampalataya. Minamahal na Diyos, marami ang naririto na hindi po namin maasikaso, ang oras ay lumilipas na, ngunit ipinatong na nila ang kanilang mga kamay sa isa't isa. Sila'y mga mananampalataya. Nangakaupo kami sa Presensiya ng Panginoong Jesus Cristo, na ibinangon mula sa mga patay, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.


²²³ Satanas, natalo ka na! Tinalo ka na ni Jesus Cristo! Siya'y nabuhay mula sa mga patay at naririto sa aming kalagitnaan

ngayong gabi, na pinatotohohan itong Mensahe ng huling panahon. Lumabas ka sa mga taong ito! Lisanin mo sila, sa Pangalan ni Jesus Cristo! “Magpapalayas sila ng mga demonyo sa Aking Pangalan,” at pinalayas ka na. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, lisanin mo itong kongregasyon!

²²⁴ Bawat isa sa inyo ngayon na tinatanggap ang inyong kagalingan, magsitayo kayo. Lahat ng tumatanggap na ng kagalingan, magsitayo kayo. Itaas ang inyong mga kamay ngayon at bigyan Siya ng papuri!

“Tinatanggap ko na ngayon ang aking kagalingan,” sabihin iyon sa Diyos. Tinatanggap ko na ngayon ang aking kagalingan. [Sinasabi ng kongregasyon, “Tinatanggap ko na ngayon ang aking kagalingan.”—Pat.] Ikaw ay ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, na Cristo. [“Ikaw ay ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, na Cristo.”] Sumasampalataya po ako ngayon sa Iyo. [“Sumasampalataya po ako ngayon sa Iyo.”] Tulungan Mo po ang kakulangan ko ng pananampalataya. [“Tulungan Mo po ang kakulangan ko ng pananampalataya.”] Amen. [“Amen.”]

I will praise Him, I will praise Him,
Praise the Lamb for sinners slain;
Give Him glory, all ye people,
For His Blood has washed away each stain.

²²⁵ Hindi ba’t iniibig n’yo Siya? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Purihin natin Siya kung gayon. Lahat, na nakataas ang inyong mga kamay, papurihan n’yo Siya, habang papunta rito ang kapatid upang pauwiin na tayo. 

ESPIRITUWAL NA PAGKAIN SA TAKDANG PANAHO TAG65-0718E
(Spiritual Food In Due Season)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Hulyo 18, 1965, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2010 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org